


# MGA TANONG AT MGA SAGOT

 Mayroon ka bang ipapangaral? [Sinasabi ni Kapatid na Neville, “Wala, po.”—Pat.] O si Kapatid na Beeler diyan? [“Hindi ko alam sa kanya.”] Kapatid na Beeler, may mensahe ka ba para ngayong gabi? [Sinasabi ni Kapatid na Beeler, “Wala, po.”] Ako—ako po’y medyo namamaos. Mayroon akong ilan—ilan pang mga tanong. Kung wala sila . . . Kung may isa lang sana sa mga kapatid na ito ang tatayo at mangaral, ikagagalak ko.

Ngayon, huwag kayong mabibigla. Hindi ito . . . Ito po’y ilang mga tela lang na ipapanalangin na ipapadala sa Aprika. Gugupit-gupitin ang buong ito para maging mga tela na ipapanalangin, at nais nilang ipanalangin ko ito rito ngayong gabi, at kasama ang ilang mga sobre na nilamnan. At naisip kong ihahandog lamang natin ang lahat ng ito sa—sa Panginoon. Ang lahat ng ito’y gugupit-gupitin para mauna sa akin sa Aprika. Ngayon, alam n’yo kung gaanong karaming telang pampanalangin ang magagawa n’yan kapag ganitong kalaki ang pagkukunan, libo-libo po. Nakapagdala si Kapatid na Fred ng pitongdaan noong isang araw sa isang maliit na sobre na parang ganito. At nakikinita n’yo kung ano—kung gaanong karami ang magagawa mula rito. Kaya naman tayo’y . . . Sa ilang sandali lang, siyanga’t, ipapanalangin na natin ito.

<sup>2</sup> Ngayon, medyo namamaos lang ako, pero sinabi ko na babalik ako para sagutin ang ilan sa mga ito—ang mga tanong na ito sa abot ng makakaya ko. Ngayon, sa tuwina, kapag dumarating ang mga rebaybal na ito, nagpapasimula ito ng kaunting pagpukaw. At nais—naisip ko na marahil medyo babalansehin nito ito ngayong gabi sa iglesya, alam n’yo na, dahil kung minsan baka may nasabi na hindi naunawaan ng iglesya. At binibigyan nila kayo ng pagkakataon na isulat ang sarili n’yong tanong ngayon. Ilalahad ko sa inyo ang mga nasa akin na; at pagkatapos, kung’yung nariyan sa inyo ay katulad nito, hindi n’yo na kakailanganin pang isulat ito.

At sige’t ang isa sa mga ito ay: **Pakipaliwanag po ang Mga Taga-Roma 7:25.**

Ang kasunod: **Sinabi mong maaaring mabuhay ang isang tao nang napakalapit sa Diyos na hindi siya nagkasala.**

**Ano ang magiging wangis natin sa pagkabuhay na mag-uli?**

**Kapatid na Branham, anong dapat gawin ng isang tao kapag sinunod nila ang lahat ng mga tagubilin na itinuro mo; at pagkatapos, paano mo ba matatanggap ang Espiritu Santo?**

**Pakipaliwanag po ang Mga Hebreo 6:4 at ikumpara ito sa Mga Hebreo 10:26.**

**At: Ano ang ibig sabihin ng predestinasyon bago pa man maitatag ang sanlibutan; at saan sa Biblia mo makikita ang ganoon?**

<sup>3</sup> At si Kapatid na babaing Mc- . . .Hindi, ito po pala'y—ito po pala'y kahilingan na ipapanalangin.

<sup>4</sup> Ngayon, 'yun ang mga tanong na mayroon tayo para sa gabing ito. Kung mayroon pa kayo habang nasa kaunting preliminaryo pa lang tayo, buweno, dalhin n'yo lang po rito, at sisikapin namin mismo. . .Ngayon, kung may anumang katanungan sa isipan ng iglesya tungkol sa anumang bagay na—na mayroon tayo, sige't nais natin na—na magawa po na—na matulungan kayo sa pinakamainam na nalalaman namin kung paano kayo matutulungan. Kita n'yo?

<sup>5</sup> At nais kong tandaan n'yo sa tuwina na ang ipinapangusap ko rito, hindi ko sinasabing 'yun ang mariing Katotohanan at lahat na. Ito po'y pinakamainam na nalalaman kong mariin na Katotohanan nito. Ako—ako marahil ay mali gaya lamang ng sinumang ibang mortal, pero akin lamang, Kapatid na Jackson—sadyang sinisikap ko na ipaliwanag ito sa paraan na sa tingin ko'y tama (kita n'yo?), sa paraang nakikita ko ito, Kapatid na Mike, sa Biblia, sadyang. . .At sa pag-aaral ng mga bagay na ito, hindi ko lamang ito kinukuha mula sa isang lugar. Akin—akin pong tinutugaygay pabalik at sinisimulan sa Genesis, at dinadala ito hanggang sa Apocalipsis, sa buong Biblia mismo.

<sup>6</sup> At pagkatapos, maaari mong tugaygayin ang—maging ang paksa nang tuluy-tuloy. Pero, kung hindi ito tugma sa iba pa Nito roon, sa iba pa sa Kasulatan, kung ganoon ay magiging mali ito sa papaano mang paraan. Kung dadalhin mo ito sa kung saang dako, kinakailangan itong—kinakailangan itong lumapat sa lahat ng iba pa sa Mga Kasulatan. Kita n'yo? At ang lahat ng Kasulatan ay maglalapat-lapat kung Ito'y wastong mapaglalakip-lakip, kung. . .Para nga Itong isang malaking jigsaw puzzle. At hindi ko ibig sabihin. . .Kung mali ang nasasabi ko, kung ganoon ay patawarin ako ng Diyos. Ang Kasulatan ay isang bagay na inihalintulad sa isang jigsaw puzzle. Kita n'yo? Yun. . .Baha-bahagi ito at sama-sama lamang dun sa isang kahon, at kinakailangan ang Espiritu Santo upang paglakip-lakipin 'yun. Kita n'yo? At—at hindi natin kayang gawin 'yun. Ngayon, walang siyamnaraan at animnapu't siyam na magkakaibang pagpapakahulugan Dito, dahil sinabi ng Biblia na ang Kasulatan ay di nagmumula sa sariling kapaliwanagan. Ganoon po ito sa kung papaanong Ito'y naisulat. Pinaniniwalaan lamang natin Ito na. . .(Salamat, Kapatid na Pat.) Ating. . .Ganoon lamang Ito kung papaanong Ito'y—Ito'y naisulat sa Biblia; sa ganoong paraan dapat natin Ito tanggapin, gaya nun. Kaya kung sinusubukan natin Itong papagsabihin ng isang bagay rito, buweno, hindi na magiging parehong bagay ang sasabihin Nito sa dako rito kung ganoon. Kita n'yo, kung tayo'y—

kung tayo'y maglalagay...Kinakailangan na maibunsod mo ang Kasulatan na sagutin ang Sarili Nito rito, sagutin ang Sarili Nito rito, sagutin ang Sarili Nito rito, haya't bawat isa ay malagay mismo sa lugar Nito para mapaglapat-lapat Ito.

<sup>7</sup> At ngayon, naisip ko na marahil...mangungusap sana ako't nabanggit ko na mangungusap sana ako ngayong gabi, *Aming Nakita Ang Kanyang Bituwin Sa Silanganan, at Naparito Kami upang Siya'y Sambahin*; pero sadyang wala po akong sapat na boses, at pagkatapos, gagawin 'yun. Nainitan kasi ako rito noong isang gabi at lumabas. At napakainit ko noong pagpasok ko sa kotse, para nga akong sumisingaw sa init. Ibinaba ko ang bintana't umuwi na. Buweno ang—sa tingin ko'y gabi 'yun ng Huwebes o Biyernes. Noong sumunod na gabi mismo, nagsimula na akong magkaroon—araw pala 'yun—nagsimula na akong mamaos nang kaunti, para bang isang...Oh, ito'y... Wala akong—walang sakit, walang lagnat, walang karamdaman, walang sipon; pero ito'y para lang isang—parang laryngitis sa lalamunan mo na sanhi ng pagsasalita at—at nananakit dahil sa puspung pangangaral, at pagkatapos—at pagkatapos lumamig ang panahon. Pero haya't—haya't magiging maayos na ang lahat sa isa pang araw o dalawa, marahil sa Linggo. Baka makapunta ako para umagapay kay Kapatid uli. Pagkatapos na siya'y makapangaral, susuri-suriin ko at titingnan kung ano pa ang natitira.

<sup>8</sup> At pagkatapos—at pagkatapos gusto kong matanggap ng buong iglesya ang Espiritu Santo. Ngayon, nakaupo rito ang manugang kong babae. Hindi dahil manugang ko siya, hindi dahil nandito siya, isa siya sa pinaka mabuting babae na kilala ko; siya'y isang kahanga-hangang babae, si Loyce. At lumaki siya sa di-matatawarang bagay mula sa kanyang kinagisanan, kung saan lumaki siya mula sa isang pamilyang di sumasamba sa Diyos at iba pa. Naaawa ako para sa bata, na kinailangang lumaki nang ganoon. At ngayon, hinahanap niya ang Espiritu Santo, at nag-ayuno hanggang sa halos di na siya makatayo, nag-aayuno at nananalangin para sa Espiritu Santo.

<sup>9</sup> Ang kapatid kong babae, si Delores, sabi niya, “Bill, ako nga'y...Noong ang iglesya'y—ang kapangyarihan ay nasa simbahan,” sabi niya, “Pakiramdam ko nga'y kaya kong lumipad. At pagkatapos, noong ang lahat—noong nagpasimulang bumaba ang Espiritu Santo sa mga tao,” sabi, “naupo na lang ako roon at tumingin sa paligid.” Kita n'yo? Buweno, kita n'yo, at narito ang tanong na 'yan ngayong gabi, patungkol doon. Kaya naisip kong baka makatulong 'yun sa iglesya para—para makatanggap. At ngayon, ayaw ko sanang kunin ang isang gabi ng Miyerkules na pagtitipon para sa pananalangin at ibahin ang programa nito sa bagay na parang ganoon, pero nais ko—nais kong makatiyak na nauunawaan 'yang mabuti ng iglesya (kita n'yo?), bago... .

<sup>10</sup> At kausap ko lamang ang isang doktor dito noong Linggo, na pumaroon sa likod ng simbahan dito sa isang—dito sa likod ng simbahan. Isa siyang doktor ng medisina. Nagmaneho siya nang kalayo-layo mula (saan na nga ba 'yung punong-tanggapan ng Assembly of God? Sa . . .) Springfield, Missouri, para dumalo sa pagtitipon.

At sabi niya, “Kapatid na Branham . . .” (Ngayon galing po 'yun sa punong-tanggapan ng Assemblies.) At sabi niya, “Buong buhay ko'y binubulay ko 'yun.” Sabi, “Ito ang unang pagkakataon na napanatag ako sa buhay ko tungkol dito.” Sabi niya . . . Nakipagkita sa akin doon sa silid, naupo, isang doktor ng medisina.

<sup>11</sup> At—at kaya naman, sina Kapatid na Mercier at Kapatid na Gene Goad diyan kasama ang mga gamit pang-rekord . . . Ngayon-ngayon lang, sinabi ni Kapatid na Mercier na nakuha niya ang pinakamainam mula sa pagtitipon kung saan—kung saan ipinaliwanag natin na—na noong dumating ang Espiritu Santong 'yun sa pagtitipon at—at binaha-bahagi ang Sarili Nito, at binahagi ng Diyos ang Kanyang Sarili sa Kanyang mga tao . . . Buweno, 'yun mismo ang ginagawa Nito. At pagkatapos, kapag nagsimulang magtipon muli ang mga tao ng Diyos, may pagkakaisa, may kapangyarihan. Kita n'yo? At sa tuwing ganap na nagsasama-sama ang mga tao ng Diyos, naniniwala akong magaganap na riyang ang pagkabuhay na mag-uli. Magkakaroon ng panahon ng pag-agaw kapag nagsimula na itong tipunin ng Espiritu Santo. Sila—ito'y magiging minority, siyanga, pero magkakaroon mismo ng isang malaking pagtitipon-tipon.

<sup>12</sup> Ngayon itong mga telang ipinanalangin na ipinadala, *The Voice of Healing* . . . Pinauna ko agad, sa simula ng taon, kung loloobin ng Panginoon, ako—ako'y magpupunta ng Kingston, Jamaica, sa Haiti, at mula roon . . . Pinadalhan ako ng imbitasyon ng—ng presidente ng Haiti, na may—may itinalagang buong milisya nila bilang proteksyon. May pag-aalsa sila roon. At kung para saan, nais daw niyang magpunta kami dala ang ganitong uri ng pagmimistryo, na nabalitaan niya noong bumisita kami sa—sa San Juan noong nakaraang taon noong naroon kami. Sabi niya na iniisip niyang 'yun daw ang tanging bagay na magliligtas sa kanyang bansa. Kita n'yo?

<sup>13</sup> Ngayon, kung mayroon akong kaibigang Katoliko na nakaupo rito, hindi ko sinasabi ito para—para hamakin ka o anuman; hindi ko ibig sabihin ito sa ganoong paraan. Pero tinatangkang sakupin ng simbhang Katoliko ang Haiti (kita nyo?); at ang tanging makapagliligtas nito, ay isang Protestanteng, rebaybal na umuuga ngayon mismo. Kita n'yo? At talagang napakainam nito, at pinahahalagahan ko ito. At kaya sinabi ko sa kanya, sa sanlinggo ng Pasko at sa mga sumusunod na ilang araw mula ngayon, pagkatapos bukas, kami'y para

bang mag-aayuno at mananalangin, at titingnan kung saan kami pangungunahan ng Panginoon.

<sup>14</sup> Pagkatapos ay Timog Aprika . . . At pagkatapos, napapangunahan talaga ako na pumunta sa—sa Norway. Ako lamang ay talagang napapangunahang pumunta ng Norway ngayong taon, at saka, sa Aprika rin. At ito’y—ito’y gugupit-gupitin sa maliliit na laso at mauunang ipadala sa Aprika bago ang pagtitipon. Ganyang karaming tao . . . Makikinita n’yong ang pangkalahatang saklaw kung gaano karaming tao ang nag-aasam para sa mga telang ipinanalangin ngayon kapag nabalitaan nilang pupunta ka, kita n’yong, sadyang para—para makipag-ugnay muli. Kaya heto ang maliliit na tela na ginupit-gupit at nakahanda nang ipadala sa—sa iba’t ibang tao.

<sup>15</sup> Kaya kasama ang dakilang Iglesyang ito ng Buhay na Diyos, atin na pong iyuko ang ating mga ulo pansumandali ngayon. At ang bawat isa sa inyo sa sarili n’yong kaparaanan, ipanalangin n’yong na pahiran ng Diyos ang mga telang ito. Ngayon, babanggit lamang ako dun sa Kasulatan, “Ang mga panyo o mga tapi na napadikit sa katawan ni Pablo ay dinala nila, at inilagay ang mga ’yun sa mga maysakit, at lumabas ang masasamang espiritu sa mga tao, at mga nagpapahirap; at sila’y gumaling.”

<sup>16</sup> Panginoon, sa maliit na pulpitong ito na nakalagay rito sa lahat ng mga taon na ito, at ganoon na lamang Mo kaming labis na pinagpala, at ang—ang Ebanghelyo’y patuloy na inihahatid dito, at . . . Kung ang munting pulpito na ito’y may mga mata lamang o makakapagsalita, masasabi nito ang daan-daang mga dakilang himala na ginawa mismo sa harapan nito: sa mga baldado, pilay, bulag, tadtad ng kanser. At naipamalas ang mga kapangyarihan ng Buhay na Diyos sa maliit na gusaling ito. At Diyos Ama, sadyang pinasasalamatan Ka namin para sa lahat ng mga bagay na ito.

<sup>17</sup> At ngayon, nagtipon ang iglesya ngayong gabi upang sumamba sa Iyo. Naparito kami para—upang sagutin ang mga tanong na itinanong. Ito’y dahil sa katapatan at puso ng mga tao na ang mga bagay na ito’y palaisipan sa kanilang isip. At Panginoon, napagtatanto namin, na kung may anumang gumugulo sa aming isipan, hindi kami kailanman magkakaroon ng pananampalataya, hangga’t nariyan ang tanong. Kaya ayaw namin na manatili ang anumang tanong.

<sup>18</sup> Panginoon, nakikita namin ang pangangailangan ng bautismo ng Espiritu Santo sa gitna ng aming mga tao at sa gitna ng iglesyang ito. At ayaw namin—ayaw namin ng anumang tanong na lalagi sa kanilang isipan. Gusto naming mabigyang-linaw itong lahat, upang malaman nila kung ano Ito kapag dumating na Ito, at malaman na Ito’y para sa kanila.

<sup>19</sup> At pagkatapos, sa ibayong dagat, doon mismo sa madidilim na gubat kung saan may pagkalampag ng mga tambol, at

nakahandusay ang mga ketongin sa buong paligid sa—sa ilalim ng mga punongkahoy, at ang mga langaw ay umuugong, at ang—at ang kanilang mga binti'y putol na at ang kanilang mga tainga'y kinain na at ang kanilang mga mukha'y kinain na, ng ketong. Maalingasaw, Panginoon, hanggang sa halos hindi ka na makapasok sa loob ng isang bloke ng lungsod nila. At kaawa-awang maliliit na bata na walang makain, walang mga damit. . . At mahal nila ako, Panginoon. At kanilang—kanilang pinaniwalaan ang pagmiministeryo, pagkatapos na pagalingin ang marami sa kanila ng Kapangyarihan ng Buhay na Diyos. At wala pa akong kapahingahan sa aking espiritu mula noong araw na umalis ako sa Aprika, batid na silang mga dukha, na mga taong balisa'y nasa ganoong kakilakilabot na kalagayan doon, at namumuhay sa mapamahiing mga kalagayan. At 'yung albularyong mangkukulam, haya't may mga buto ng tao na kinakalampag niya sa kanyang mga daliri, at tumatawag sa masasamang espiritu, at oh, grabeng—grabeng lugar, at pagkatapos ang isipin, dito sa Amerika, naggagandahang simbahan at naglalakihang lugar. At, Diyos, at ang malaman na lubhang nangangailangan ang mga kaawa-awang mga tao roon, ang makita silang dumadalo sa pagtitipon, na iniraratay ang isa sa ibabaw ng isa pa, at marami sa kanila ang nangamamatay sa pagkakahiga roon, na sinisikap mismo na makapakinig ng ilang salita mula sa isang tao na sinabi nilang nakakakilala sa Iyo. Pumapailanlang ang kanilang mga puso, Panginoon, magmula noong lumaganap ang Mensahe't mga sulat sa Aprika ngayon. Ang mga apoy, tila ba, ay nagsisimulang mag-alab muli.

<sup>20</sup> At ang Iyong dakilang iglesya roon, na isang makapangyarihang iglesya, ay nagkawatak-watak, oh Diyos, at humiwalay ang isa't higit pa sa kagawaran ng mga pormal, at—at mayroon pa ring iba na nagsusumikap na manghawakan sa Katotohanan at sa Espiritu. At ngayon, libo-libo ang nagpapadala ngayon; gusto nila ng mga telang ipinanalangin agad-agad na—na naipanalangin ko na. Sa maliliit na sobrang ito rito ay—ay mga kahilingan sa panalangin, ng maliliit na parsela na mapupunta sa mga nangangailangan. Oh, Diyos ng Langit na lumikha ng kalangitan at lupa, dalangin ko sa Iyo, Panginoon, sa Pangalan ni Jesus na Iyong pakabanalin ang bawat habi ng mga telang ito. At lumakip nawa ang Iyong Espiritu Santo sa bawat habi nito, Panginoon. At kapag ito'y ipinatong sa mga maysakit at mga nagdadalamhati, lisanin nawa sila ng masasamang espiritu.

<sup>21</sup> Inaalala ko ang mga kagubatang 'yun kung saan pupunta ang mga bagay na ito, marami sa kanila, kung saan sila'y—haya't sinasamba maging ang diyablo. Dalangin ko po, Diyos, na hindi siya magkaroon ng isa mang lugar na matatayuan, na lilisanin niya ang mga kamento, at ang mga tao'y magkaroon

ng kaalaman tungkol sa Panginoong Jesus. Ipagkaloob Mo po ito, Panginoon. Gumaling nawa ang kanilang mga karamdaman, malutas ang kanilang mga suliranin, at maligtas ang kanilang mga kaluluwa, at mangibabaw nawa ang Kapangyarihan ng Diyos. Ipagkaloob Mo po ito, Ama. Ipinadadala namin ang bawat piraso ng telang ito bilang isang yunit. Maraming maliliit na dilang apoy ang narito ngayong gabi, Panginoon, at sama-sama naming ipinapadala ang aming mga panalangin sa Iyo alang-alang dito, na gumaling ang bawat tao na papatungan nito. Sa Pangalan ni Jesus Cristo. Amen.

<sup>22</sup> Ngayon, naririnig n'yo ba ako sa likod, nang maayos diyan ngayon sa gabing ito? Mabuti naman. Sa tingin ko magiging napakasaya natin kapag magkaroon tayo ng panibagong bahay-sambahan dito, dahil sa maliliit na bagay na ito na pumipigil, paputol-putol ang tinig mo at di mo—di mo halos marinig nang maigi.

<sup>23</sup> Ngayon, napagtatanto ko muli ngayong gabi, ako—ako'y padako na sa . . . Kapatid na Wood, bago ko ito makalimutan, nakuha ko na 'yung panyo. Hindi ba't inabutan mo ako ng panyo para sa isang tao? O ikaw nga ba 'yun? May nagbigay sa akin ng panyo para ilagay sa bulsa ko at isuot, at nasa akin ito magmula noon, sa buong pagtitipon. Hindi ko alam kung sino. Ang akala ko ikaw ang nagsabi, "Isuot mo ito sa iyong bulsa para sa isang tao." Ang ilang . . . [Nakikipag-usap si Kapatid na Neville kay Kapatid na Branham—Pat.] Yun ba 'yun? Kapatid na Jackson, may panyo ka ba para sa isang tao? Ito pala 'yun. Sige. Ito . . . Siyanga, po. Buweno, dito lang ito, Kapatid na Jackson, kung ibig mo. At ngayon, alam kong may nagbigay nito sa akin, sabi, "Isuot mo ito sa iyong bulsa." At pagkatapos, inilagay ko ito sa amerikana ko at nakalimutan na ang tungkol dito.

<sup>24</sup> Ngayon, para . . . Ngayon, kung loobin ng Panginoon, at maayos na ang boses ko, alinman sa Linggo ng umaga o Linggo ng gabi, isa riyan, kung loobin ng Panginoon, gusto kong mangusap ukol sa Pamaskong Mensahe na inihanda ko para sa inyo: *Ang—Ang Di-Nagkakamaling Tanda*. Kita n'yo? Akin ngang . . . Nahagip ko ito nung Linggo ng umaga, at pagkatapos, may bagay na nag-alab sa puso ko. At napalayo na ako nang husto sa mensahe para balikan pa ito. Kaya naman gusto kong—gusto ko itong balikan sa Linggo ng umaga, loobin ng Panginoon, o Linggo ng gabi, isa riyan. Mangyari na kami ni Kapatid na Neville ay magkasama sa panahong 'yan.

<sup>25</sup> Ngayon, tulad po ng sinabi ni Kapatid na Neville, at heto nga na gusto kong pasalamatang ang bawat isa sa inyo para sa paggunita ng Pasko, 'yung mga card n'yo. Kapatid na lalaki at Kapatid na babaing Spencer, natanggap ko na 'yung sa inyo. At ang lahat ng iba pa rito na nagpadala sa akin ng mga card n'yo, sa palibot, pinasasalamatang ko sila at sa mga regalo at mga bagay na ipinadala n'yo. Talagang pinasasalamatang namin ito. Mula

sa—mula sa maybahay ko, at ako, at—kami—at ng mga bata, pinasasalamatan namin kayo. Gusto naming makapagpadala ng regalong Pamasko sa bawat isa, pero tiyak na magiging mahirap 'yun para sa isang mangangaral na gawin, hindi po ba? Buweno, marahil sa dami ng dapat puntahan, sadyang hindi ko makakayang gawin 'yun. Kita n'yo? Ako lamang. . . Pero sana'y maikuha ko man lang ang mga bata, bawat isa, ng kung ano. Tunay ngang gusto kong gawin 'yun, pero hindi lang ito. . . Hindi kayang gawin 'yun ng mga ministro. Kita n'yo? Sadyang napakaraming kailangang bilhin. Pero tayong lahat, sigurado ako, sa sarili ko at sa iba rin, na pinahahalagahan namin ang aming mga kongregasyon. Isa sa mga pinaka dakilang bagay na sa tingin ko'y ginawa n'yo, ay ang inyong pagmamahal at ang inyong walang maliw na tiwala na inyong inilagay sa akin bilang inyong—isa sa inyong mga pastor dito, at—sa taon na ito.

<sup>26</sup> Kapatid na Neville, para rin sa iyo 'yun, mahal kong kapatid. At ang mabuting espiritu na laging ipinapakita ni Kapatid na Neville, gaya ng, “Sige po, Kapatid na Branham; heto ang pulpito, kunin mo lang ito. Purihin ang Diyos, gusto kong maupo lang at makinig.” At gusto ko—gusto ko 'yun. Talagang gusto ko—gusto ko 'yung ganoong mapagpakumbaba't, hindi makasariling pamamaraan na mayroon si Kapatid na Neville.

<sup>27</sup> At ang pananampalataya n'yong lahat, at sadyang. . . Isang bagay na magagawa n'yo sa akin na pabor, ay ang ipanalangin ako. Ngayon, magkakaroon ako ng ilang sunod-sunod na maiiksing pagtitipon bago magsimula ang malaking itineraryo. Ngayon, mag-iiskedyul nun—nun sa iba't ibang lugar, sa tingin ko, doon sa may Glasgow, Kentucky, magkakaroon ako ng isang gabi. Baka sa Campbellsville, Kentucky, magkakaroon ako ng isang gabi. At—at doon sa iba pang lugar doon sa Kentucky, sa Willow Shade, sa palagay ko, may isang gabi rin ako. Sa loob ng. . . Para pong ganoon, ipapabatid ko sa inyo sa sandaling maiayos na namin ang mga 'yun, 'yang tungkol sa mga darating na pagtitipon, na mga sunod-sunod na maliliit lang na pagtitipon, hanggang sa bumalik uli ako sa dako ng pagmimisyon.

<sup>28</sup> Mangyari po na inihandog ko ang sarili ko nang minsan pa't panibago noong isang gabi sa Diyos. At sa tulong ng Diyos at sa biyaya ng Diyos gusto ko talagang manatili sa gawain hanggang sa ako'y mamatay. Kita n'yo? Ginawa ko 'yun nang mga tatlung taon na ang nakalipas. At ako'y nasa. . . Pero napapagod ako kung minsan, at lumalampas po sa hangganan ko. Humahantong ako sa isang dako kung saan hindi na ako makapagpatuloy pa nang mas malayo. Kita n'yo, nakikita n'yo ngang lahat ito rito. Hindi n'yo—hindi n'yo lang napagtatanto kung ano ang naroon sa itaas, at sa dako roon, at sa dako rito. At—at hindi lang sa isang—hindi lang sa isang siyudad, hindi; isang estado, hindi; hindi lang sa Estados Unidos; kundi



sa mundo (kita n'yo?), sa buong mundo. Kita n'yo? At 'yun —'yun po'y marami-rami, sa palagay ko, na nakikipag-ugnayan ngayong gabi, na nakilala ko o nakaugnay ko, hindi basta libo-libo, kundi milyun-milyong katao. Kita n'yo? At talagang magugulat ka na lang kung ilan sa mga 'yun ang may sakit. Kita n'yo? At tumatawag sila; at talagang nagdudulot ito ng matinding kabigatan.

<sup>29</sup> Kaya pinasalamatan ko ang panalangin n'yong lahat. At sa tulong at biyaya ng Diyos, isang lubos na Maligayang Pasko sa bawat isa sa inyo. Tandaan n'yo ang sinasabi ko, hindi ito ukol kay Santa Claus, ukol ito kay Jesus. Nakita n'yo? Ang ibig sabihin ng *Pasko* ay “Cristo.” At bumibiyaha kami kagabi, ipinapakita sa mga bata ang lahat ng mga bahay na napapalamutian at lahat, na ang gaganda. Pero naisip ko, kung sakaling—may ilalagay ako sa aking bahay, na gusto kong nakasulat, na nakalagay sa neon: *Nagtituwala Na Si Cristo Ay Sumainyong Pasko*. Siyanga. Ibalik si Cristo sa Pasko.

<sup>30</sup> Ngayon, Diyos Ama, papadako na kami ngayon sa mga tanong. Talagang, talagang tapat kaming lumalapit. At—at ang mga pinakamamahal na mga taong ito, Panginoon, ay inilapag ang mga tanong na ito at—na nasa kanilang mga puso, at marahil ay marami pa sa gusali; at ibig nilang malaman mismo kung anong gagawin. At Ama, ako—ako po'y isang salat na salat na kumakatawan para sa Iyo, pero dalangin kong Iyo pong tutulungan ako na malaman ang Iyong Salita, na magdudulot Ito ng isang kasiya-siyang bahagi sa bawat tanong. Kaya Ito po'y iiwan namin sa Iyong mga kamay, at sa Iyong Pangalan ay hinihiling namin ito. Amen.

<sup>31</sup> Ngayon, ang tanong dito ni Kapatid na Pat ay talagang, talagang napakaganda. Baka simulan ko riyon, Kapatid na Pat. Ngayon, kung may tanong ang sinumang iba pa sa inyo, isulat n'yo lang ito at ilagay rito, o—o dadalhan kayo ni Kapatid na Pat ng kapisrasong papel kung wala kayong kapisrasong papel; o siyanga't ikagagalak kong gawin ang lahat ng magagawa ko para sagutin ito.

Ngayon, ito'y isang makabuluhang tanong, Kapatid na Pat. Para ba itong pagpapatawa, pero isa itong tanong.

**101. Nasaan na ang mga espiritu na pumasok sa mga baboy? Nasaan na ang mga espiritu na pumasok sa kawan ng mga baboy noong araw na 'yun noong pinalayas sila ni Jesus mula sa baliw?**

<sup>32</sup> Buweno, Kapatid na Pat, sa abot ng nalalaman ko... Ngayon, mag-uumpisa tayo sa demonolohiya bilang panimula. Ngayon, ang demonolohiya ay isang mahalagang bagay. (Ngayon, sige't bantayan ng ilan sa inyo ang orasan at huwag n'yo akong pabayaang na masyadong maglumagi sa isang tanong.) Pero hayan nga na ang mga kapangyarihang 'yun ng mga

demonyo, ang mga espiritung 'yun ay naroon muna sa isang lalaki na tinawag na Pulutong. Tama ba? At dahil ang pangalan niya ay Pulutong, dahil ang ibig sabihin ng *Pulutong* sa Hebreo ay “marami.” Kita n'yo? Marami ang mga 'yun.

<sup>33</sup> At ang mga espiritung 'yun na nasa abang lalaking 'yun ay ibinunsod siya na mabaliw. At kung mayroon diyan na nakakita na ng taong baliw o kinailangang makiharap sa kanila, sila'y maraming beses na higit sa kanilang—kanilang—kanilang sariling lakas, dahil labis silang sinaspian ng diyablo. Kung nakadako na kayo sa paligid kung saan ang isang—isang tao'y nawala sa kanilang katinuan, oh, kinakailangan ng ilang malalakas na tao para hawakan sila. At sila'y makalawang beses o makatlong beses pa nga sa kanilang lakas.

<sup>34</sup> Ngayon, kapag baldado ang isang tao at nahawakan sila ng Espiritu Santo, kung may ganoong kalakas na kapangyarihan ang diyablo para gawin ang isang tao na makatlo o makaapat na beses ang lakas niya bilang tao, gaano pa kaya ang kapangyarihan ang kayang ilagay ng Diyos sa isang tao? Kita n'yo? Yun ang dumarating sa isang tao para palakarin siya sa lakas ng Diyos, samantalang nakahiga siyang baldado sa loob ng maraming taon. Ang mga buto niya'y nagiging tuwid; at ang mga kamay niya'y tumutuwid; lumalakad siya, at gaya ng isang bagong kabataan, dahil ang kapangyarihan ng Espiritu Santo ay nasa kanya.

<sup>35</sup> Ngayon, napakasama nito na ginapos nila 'yung lalaki ng mga tanikala, at kaya pa rin nung lalaki na lagutin ang mga 'yun. At ang sabi dun ay pinagpatid-patid nung lalaki ang mga 'yun. At walang—walang anumang makagapos sa kanya. Talagang malalang kaso na siya, dahil may pulutong ng mga demonyo sa loob niya. At pagkatapos, noong kanyang . . . tumawid si Jesus at dumating sa Gadara at nagsimulang mapadaan sa tabi ng mga libingan . . . At napakasama niya, hindi 'yung lalaki mismo (kita n'yo?), ayos lang 'yung lalaki.

<sup>36</sup> Hindi 'yung tao. Kapag nakakita kayo ng isang tao na gaya nun, huwag n'yong iisipin na ito'y 'yung tao; ito'y ang diyablong nasa tao.

Ngayon, 'yung baliw na nasa entablado noong gabing 'yun, ay papatayin na sana ako, doon sa Oregon. Ang lalaking 'yun, ako—noong lumapit siya sa akin, sa halip na . . . dinuraan niya ako sa mukha at tinatawag akong isang “ahas sa damuhan” sa harap ng halos sampung libong tao, buweno, hindi 'yun, hindi 'yun 'yung tao. Isa siyang tao na kumakain, umiinom, natutulog, marahil may pamilya, at nagmamahal, at—at katulad ko o ninyo. Pero 'yung diyablong nasa kanya ang gumagawa nun. Kita n'yo?

<sup>37</sup> At hindi mo mapapalayas ang isang diyablo sa pamamagitan ng maling pag-uugali. Kailangan ng pag-ibig upang magawa 'yun. At ang pag-ibig ang pinaka makapangyarihang puwersa na

mayroon sa mundo. Ngayon, kung papansinin n'yo, ang diyablo ay palaging poot. Ang poot ay sa diyablo. At kapag kinapopootan ng mga tao ang isang tao, tandaan n'yo, isa 'yung nakakikilabot na diyablo na nasusuklam o namumuhi. Hindi n'yo dapat gawin ang ganoon.

<sup>38</sup> Tandaan n'yo na ang—ang. . . sinabi ni Jesus sa Kanyang pangangaral na kapag kayo'y mananalangin, “Ama namin Na nasa Langit,” . . . At noong bumaba Siya, sabi Niya, “Kung hindi n'yo patatawarin mula sa puso n'yo ang kasalanan ng bawat tao, hindi rin ipapatawad ng inyong Ama sa Langit ang inyong mga kasalanan.” Kita n'yo? Hindi n'yo dapat gawin 'yun.

<sup>39</sup> Pero ngayon, sa dako kung saan lumilikha ang diyablo ng isang kapangyarihan ng pagkapoot (kita n'yo?) para kumaripas dun sa entablado para patayin ako, na sa pisikal, ay kayangkaya niya, nang makailang beses na higit. . . Maaaring binuhat niya ako sa ere, marahil, nang dalawang daliri lang niya, doon marahil sa may sinturon nang paganoon, dahil tumitimbang siya ng dalawang-daan at animnapu o dalawang-daan at pitumpu; higit pa siya sa anim na talampakan at kalahati o pitong talampakan ang taas, napakalaking lalaki. At basta. . . Kakatapos lang niyang suntukin ang isang mangangaral doon sa lansangan ng kanyang kamao, binali ang buto nito sa may balik at panga, at napinsala 'yung tao, at naospital. Talagang nasusuklam kasi siya sa mga mangangaral. At pagkatapos, basta na lang siya kumaripas dun para patayin ako. Kita n'yo?

<sup>40</sup> Ngayon, nasa lalaking 'yun ang ilan sa mga espiritung ito na pinalayas sa mga baboy sa Gadara. Ang ilan sa mga kaawa-awang taong 'yun ay narito sa institusyon ng mga baliw, iniuuntog ang mga ulo nila sa mga de kutson na rehas, mga selda. Tandaan n'yo, hindi namamatay ang mga diyablo. Sa tuwina'y buhay ang mga diyablo, pero darating ang panahon kung saan kinakailangang mamatay na ang mga diyablo. Ganap na malilipol sila. Pero ngayon, buhay sila, at gumagawa sila palipat-lipat sa mga henerasyon sa sangkatauhan. Ang ilan sa kanila'y sa anyo ng kanser; ang ilan ay sa anyo ng epilepsy; ang ilan ay nasa anyo ng tuberkulosis. Pumapasok sila sa laman, pero tila бага, wala silang kapangyarihan hanggang sa makapasok sila sa tao. Kinakailangan nilang kumilos sa pamamagitan ng isang tao, na haya't tumutugaygay sa isa pang kaisipan, na ang Espiritu Santo'y—lumulukob din sa lupa, pero halos wala Itong magawa hanggang sa makapasok Ito sa inyo at sa akin.

<sup>41</sup> Umaasa ang Diyos sa inyo at sa akin. Kita n'yo? Ang Espiritu Santo. . . Ang lupa'y puno ng Espiritu ng Diyos, pero Ito'y ibinuhos. Pero hindi Ito—hindi Ito makakakilos hanggang sa pumasok Ito sa atin, sa atin na mga tao, upang kumilos.

<sup>42</sup> At gusto rin tayong kontrolin ng diyablo para kumilos sa ilalim niya. Mangyari nga na nagpapasimula siya sa banayad

na anyo, nagsisimula siya sa kasalanan. Kung mahahawakan niya 'yung tao na kahit maging isang matuwid na tao, isang mabuting tao, at hahayaan niya mismo 'yung tao na magpatuloy at magsikap na maging mabuti gaya nun; kung mahawakan lang siya nung diyablo sa ganoong kalagayan hanggang sa mamatay ang taong 'yun, ganoon na ganoon ang gusto mismong gawin nung diyablo. Kanyang nadale na siya, dahil kahit gaano ka pang katuwid, gaano ka man kabuti, gaano ka mang katimtiman, gaano ka mang kalinis, gaano ka mang katapat, hindi ka makakapunta sa Langit hanggang sa ikaw ay maipanganak na muli. Sinabi 'yun ni Jesus. Kaya naman walang. . . Ito. . . Kinakailangan mong maisilang, kinakailangan mong maipanganak na muli, o walang anumang paraan sa mundo para makapasok ka kailanman sa Langit, o kailanman—o kailanman ay makalapit kay Cristo.

<sup>43</sup> Ngayon, nabanggit ko nito-nito lang, na maaaring magbunsod sa isip n'yo ng isa pang katanungan, na aking—na itinuro ko, at 'yun ay sa—sa. . . Na hindi ako naniniwala na mayroong walang hanggang. . . Hindi ako naniniwalang nagtuturo ang Biblia ng isang walang hanggan, na nagniningas na impyerno. Hindi nga, dahil kung walang hanggan ang impyerno at ang mga taong mapupunta roon ay parurusahan nang magpasawalang hanggan, siyanga't ang tanging paraan na sila'y mapaparusahan nang magpasawalang hanggan, ay kinakailangng magkaroon sila ng Buhay na Walang Hanggan. At may isang anyo lang ng Buhay na Walang Hanggan, at 'yun ay sa Diyos. Kita n'yo? Kaya kinakailangang sumapit sila sa pagpupuksa (kita n'yo?); 'yun nga'y, ang pisikal na bahagi nila'y mapupuksa, at pagkatapos ay mapupuksa naman ang kanilang espirituwal na bahagi. Ganap 'yun na matutupok; walang matitira roon. “Ni ugat o sanga man,” ang tawag ng Biblia rito. Lubusan na mawawaglit.

<sup>44</sup> At saka heto, mapapatunayan kong may mga antas sa Langit, na hindi sila lahat magkakapantay, pero mayroon kayong magkakapantay na Buhay na Walang Hanggan. Anupa't sinabi ng Biblia na ang mga hari sa lupa ay magdadala ng kanilang karangalan at kaluwalhatian (Apokalipsis 22)—magdadala ng kanilang karangalan at kaluwalhatian sa lungsod. Nagpapatunay 'yun na mayroong mga hari sa bagong lupa, mga hari't mga namumuno. Sinabi ni Jesus sa Kanyang mga alagad. . . Sabi nila, “Ano ba ang makakamit namin pagkatapos naming iwan ang ama, at ina, at ang lahat upang sumunod sa Iyo?”

<sup>45</sup> Sabi Niya, “Katotohanan, sinasabi ko sa inyo, mauupo kayo sa labindalawang luklukan, na maghuhukom sa labindalawang angka ng Israel sa araw na 'yun.” Kita n'yo, ito'y panibago, isang sistemang makalupa ang darating na—na magiging pinaka dakila sa anumang bagay. Doon ay wala nang kasalanan, pero

ganoon pa man ay magkakaroon sila ng mga pinuno't iba pa sa mga lungsod, kapag ang lahat ay magpapatuloy na sa daan ng Buhay na Walang Hanggan.

<sup>46</sup> Pero parurusahan ang masasama dahil sa kanilang mga kasalanan ayon sa mga gawa na ginawa sa katawan, at pagkatapos ay magiging ganap at lubusan nang mapupuksa. Ngayon, basta tatandaan n'yo 'yun. At kayo na mga nagsusulat, tandaan n'yo 'yun.

<sup>47</sup> At isulat n'yo diyang sinasabi ko, na mayroon lamang isang anyo ng Buhay na Walang Hanggan, at hinahanap natin 'yun; at tanging ang Diyos ang may Buhay na Walang Hanggan.

Walang dalawang uri ng Buhay na Walang Hanggan, isang Walang Hanggang Buhay, at 'yun lang ang mabubuhay. At tatandaan n'yo, ilagay n'yo rin ito sa isinusulat n'yo: Ang lahat na nilalang, na may pasimula, ay may katapusan. Ang lahat ng may pasimula ay may katapusan, at tanging 'yung walang pasimula ang walang katapusan. At may iisa lamang na hindi kailanman nagkaroon ng pasimula, at 'yun ay ang Diyos. At 'yun ang tanging paraan na maaari kang makabangon sa pagkabuhay na mag-uli, siyanga't ang magkaroon ng Buhay na Walang Hanggan sa kaibuturan mo. Kita n'yo? Yun ang tanging paraan na makabalik ka, ay ang bagay na walang pasimula. At kapag tinanggap mo na ang Espiritu Santo, tumatahan na sa inyo ang isang Buhay na di kailanman nagpasimula at di kailanman maaaring magtapos; at taglay n'yo ang Buhay na 'yun sa inyo, kung ganoon ay mayroon na kayong Buhay na Walang Hanggan at mga anak na lalaki't babae ng Diyos. Kita n'yo? At hindi na kayo maaaring mamatay kung paanong ang Diyos ay hindi namamatay, dahil bahagi kayo ng Diyos.

<sup>48</sup> Mayroon tayong tanong dito kanina, narito po 'yun kung saan, tungkol sa predestinasyon, tumutugaygay ito mismo sa parehong bagay. Dumating kayo na bahagi ng Diyos; at kung binaha-bahagi ng Diyos ang Kanyang Sarili doon sa dakilang Haliging Apoy na 'yun, at ang maliliit na dilang 'yun ay dumako sa bawat isa sa mga tao roon, at ganoon pa rin ang ginagawa Nito mapasa hanggang ngayon. Mapatutunayan natin ito sa pamamagitan ng karanasang mayroon tayo, sa pamamagitan ng mga turo ng Biblia, sa pamamagitan ng siyentipikong pananaliksik, sa litrato para ipakita na 'yun nga Iyon, na binabaha-bahagi ng Diyos ang Kanyang Sarili sa Kanyang mga tao. "At sapagkat Ako'y nabubuhay ay mabubuhay rin kayo," sabi ni Jesus. Hindi tayo maaaring mamatay. Walang ganoong bagay na gaya ng kamatayan sa isang Cristiano; "Sapagkat ang sumasampalataya sa Akin, bagama't siya'y mamatay, ay mabubuhay: At sinumang nabubuhay at sumasampalataya sa Akin ay hindi mamamatay magpakailanman." Kita n'yo?

<sup>49</sup> “Mamatay,” ang ibig sabihin ng salitang *kamatayan* ay “nahiwalay.” Ngayon, sa pisikal, humihiwalay tayo sa bahaging pisikal natin, dahil sa kasalanan pa rin ’yun, pero ang ating mga espiritu’y sa Diyos na haya’t di na kailanman maaaring mahiwalay sa Diyos, dahil bahagi tayo ng Diyos. Tayo ay—tayo ay nagbabalik. . . Ibinabalik tayo roon sa kaisipang ’yun ng Diyos. Ang lahat ng ginagawa ng Diyos ay sakdal at walang hanggan. At noong lumabas ang mismong mga kaisipan ng Diyos para sa isang kaharian ng mga tao na sasamba sa Kanya, ang mismong mga kaisipang ’yun ay walang hanggan. Kita n’yo? Hindi na sila maaaring mamatay. Ang bawat Salita ng Diyos ay Walang Hanggan. Sabi ni Jesus, “Ang kalangitan at ang lupa’y lilipas, kapwa ang mga langit at lupa ay lilipas, ngunit ang Aking mga salita ay hindi lilipas.” Kita n’yo? Ang mga ito’y walang hanggan na kasama ng Diyos. At “Kung kayo’y mananatili sa Akin at ang Salita Ko’y mananatili sa inyo. . .” Kita n’yo? Naging bahagi tayo ng Kanyang Salita, bahagi ng Kanyang Buhay, dahil tayo ay laman ng Kanyang laman, at buto ng Kanyang buto, at buhay ng Kanyang Buhay. Kung ganoon ay di na tayo maaari pang mamatay gaya ng Diyos Mismo na di maaaring mamatay. Ganoon kasi ang Espiritu Santo.

<sup>50</sup> May isang kalugud-lugod na lalaki ang kaaalis lang dito na taga-Georgia, si Kapatid na Evans. Nakarating na siya sa lahat ng dako sa buong bansa. At isa siyang magiting na tagasuporta ng aking butihing kaibigan, na si Oral Roberts; at kanyang—kanyang sinusupportahan ang lahat ng kanyang programa sa telebisyon doon, at ang maraming bagay na kanyang ginawa. Pero noong niya sa akin isang araw, ang sabi niya, “Kapatid na Branham, nagpunta ako sa paaralan ni Kapatid na Jagger. Nagpunta ako sa kung saan-saan; naglumagi ako roon sa loob ng tatlong buwan. Nangangaso ako; nagpunta ako sa mga lugar, bawat isa sa mga ’yun, at bumabalik pa rin sa iisang bagay. Hindi ako makarating sa isang dako kung saan mayroon akong anumang katiyakan (kita n’yo?), na kung gagawin ko *ito*, o kung gagawin ko *’yun*, at kung gagawa ba ako *rito*, o siyanga’t ako kaya, o hindi ako,” sabi, “hanggang sa narining ko ang mga turo mo.” Sabi, “Pagkatapos nga’y naayos ang lahat.” “Sapagkat ang sumasamba na minsan nang nilinis sa kanyang mga kasalanan ay wala nang kamalayan sa kasalanan.” Lumipat na siya mula kamatayan patungong Buhay, at mayroon siyang Buhay na Walang Hanggan sa loob niya na nananahan doon at hindi na maaaring mamatay kung papaano nga na ang Diyos ay di maaaring mamatay. Ganoon mismo ang sabi ng Biblia. Kita n’yo? Siya ay iingat na magpasawalang hanggan, dahil mayroon siyang Buhay na Walang Hanggan.

<sup>51</sup> Ngayon, hindi ibig sabihin nun na maaari ka nang magkasala at matatakasan mo ito, dahil kapag nagkasala ka ay parurusahan ka dahil sa mga kasalanan mo. Ganoon nga

mismo. Pero hangga't naroon ang Buhay na Walang Hanggan, mabubuhay ka magpakailanman. Sabi ni Jesus, "Ang dumirinig ng Aking Salita (San Juan 5:24)—ang dumirinig ng Aking mga Salita, sumasampalataya sa Kanya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na Walang Hanggan, at hindi na darating sa kahatulan, mangyaring—kundi lumipat na mula sa kamatayan patungong Buhay." Kita n'yo? Ang lahat. . . "Walang sinuman ang makalalapit sa Akin malibang ilapit muna siya ng Aking Ama; at ang lahat ng lumalapit sa Akin, Aking. . . At ang lahat ng ibinigay sa Akin ng Aking Ama ay lalapit sa Akin." Siyanga. "Ang lahat ng ibinigay Niya ay lalapit, at wala sa kanila ang mawawaglit. Pagkakalooban Ko sila ng Buhay na Walang Hanggan at muli Ko siyang bubuhayin sa mga huling araw." (San Juan 6) Oh, grabeng pinagpalang katiyakan. Kita n'yo? Kung ganoon hindi mo na kailangan pang matakot sa kamatayan at mag-alala.

<sup>52</sup> Ipinagkaloob sa atin ng Diyos ang ganap na katiyakan na mga anak Niya tayo. At bilang mga anak Niya, itinutuwid Niya tayo gaya ng itinutuwid ko ang mga anak ko, itinutuwid n'yo ang mga anak n'yo. Kapag nasa mali, itinutuwid natin sila. Kung—kung gumagawa ng mali ang mga anak ko, kung ganoon ay tungkulin ko bilang ama na ituwid sila. At pagkatapos, kapag gumagawa ng mali ang mga anak ng Diyos, tungkulin Niya bilang isang Ama, na haya't itutuwid ka Niya. Tandaan n'yo lang 'yun, talagang itutuwid kayo. Hangga't anak ka Niya, hindi ka dapat panghimasukan ng sanlibutan (siyanga!), dahil ang sabi Niya, "Mas mabuti pa sa iyo na bitinan ng batang gilingan ang iyong leeg at ikaw ay malunod sa kailaliman ng dagat kaysa sa magdulot man lamang ng katitisan sa isa sa mga maliliit na ito na sumasampalataya sa Akin." Siyanga. Ano ang magiging kahatulang 'yun?

<sup>53</sup> Ngayon, Kapatid na Pat, bumalik tayo sa tanong mo. Ang mga espiritung nagsilabas sa taong 'yun, na nagtulak sa kanya na maging parang isang baliw (kita n'yo?), ay ganoon din ang ginagawa ngayon sa mga tao. Kita n'yo? Ang mga espiritung 'yun, libo-libong makalibo. At pumapasok ang diyablo na may parang kaunting opyum. Ito'y para bang kukuha sila ng isang maliit na batang babae sa paaralan; ang unang gagawin nila'y ibunsod siya na humitit ng sigarilyo. Kita n'yo? Pasimula na niya 'yun. At ang susunod na gagawin nila, haya't lalakas pa sila nang kaunti. At pagkatapos, malalaman mo na lang, marijuana na ang dulo nun; at pagkatapos mula dun, papunta na sa talagang pagkahumaling sa droga. Anong ginagawa nito? Ibinubunsod sila na mabaliw. Sadyang masisiraan sila ng bait, at nakuha na sila ng diyablo. Kita n'yo?

<sup>54</sup> Mangyari na ang diyablo'y nasa paninigarilyo. Medyo banayad pa niyang anyo 'yan. Ngayon, kapag nakita niyang medyo alisto ka't mapaghahalata mo 'yun, hindi na niya

'yun tutuntunin mula sa paninigarilyo. Kita n'yo? Hangga't mapanatili ka niya roon nang matagal-tagal, hanggang sa makuha niya, malagot niyang bigla ang buhay mo, dahil alam niyang hindi ka maaaring lumisan hanggang sa sabihin na ng Diyos. Pero makakapakinig ka nga ng pangangaral at pangangaral, mensahe at mensahe, at banat at banat patungkol dun, at babala at babala patungkol dun; at kung mapapanatili ka lang niya na maiiwas ka't maituon ang isip mo sa ibang bagay, gaya ng pagiging sikat na tao, o 'yung pag-aasam na makuha mo 'yung ganito, o bagay na parang ganoon, pagkatapos nga'y pananatilihin ka nga niya roon hanggang sa mailabas ka niya. O kung mapapaanib ka lamang niya sa simbahan at masasabi mo, "Magiging mabuti akong tao. Bubuklat ako ng isang panibagong pahina. Kukuha ako. . .Ako—ako'y pupunta sa simbahan at makikianib sa simbahan." Kung mapapanatili ka lang niya sa ilalim nun, haya't ganoon lang mismo ang kailangan niyang gawin. Hawak na hawak ka nga niya, dahil ikaw. . .sabi ni Jesus, "Katotohanan, katotohanan (ang ibig sabihin nun ay walang pasubali't, walang pasubali), sinasabi ko sa inyo, malibang ang isang tao'y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, hindi siya sa anumang paraan makakapasok sa Kaharian."

Hayaan n'yong ipakita sa inyo ang isang bagay. Kausap ko kaninang hapon ang isang kapatid, si Kapatid na Wood, noong bumibiyahe kami, sa labas, sinusubukan kong ipahinga ang isip ko, iniwasang magsalita para magkaroon ng sapat na boses para makapangusap ngayong gabi.

<sup>55</sup> Ngayon, pansinin! Halimbawa'y dadako tayo rito at kukuha ng isang maganda't malaking butil ng mais. At ito ang pinaka perpektong butil ng mais na mayroon sa bansa. At aking. . . Buweno, mais o puso ng mais, anuman ang gusto n'yong itawag dito. Akin—akin nga 'yung dadalhin sa Clark County Fair, at mananalo ako ng azul-na-laso para rito. Ito ang pinaka magandang butil ng mais, ang pinaka perpektong mais na mayroon, na nakita kailanman. Makakakuha ako ng azul-na-laso para rito. Dadalhin ko 'yun sa Floyd County; dadalhin ko 'yun maging sa Harrison County. Dadalhin ko 'yun sa pang-estadong patimpalak, at dadalhin ko 'yun sa pambansang patimpalak. At mapapanalunan nito ang bawat azul-na-laso. At dahil ito ang pinaka perpektong butil ng mais. At ang mga siyentipiko gamit ang malalakas nilang mikroskopyo, sisilipin nila ito, at susuriin nila ito, titingnan ang. . . Ito nga'y perpekto ang dami ng potash, at perpekto ang dami ng calcium at— at perpekto ang laman na tubig. Lahat ng nasa butil na 'yun ng mais ay sadyang perpekto mismo. Ngayon, sasabihin n'yo, "Itatanim ko 'yun at para makakuha ako ng panibagong perpektong butil mula rito." At itatanim mo 'yun sa lupa. Maliban na ang mais na 'yun, ang perpektong butil na 'yun, ay mayroong binhi ng buhay sa loob nito, mahihimlay ito roon



at mabubulok, at 'yun na ang katapusan nito. Hindi na ito mabubuhay muli, kahit gaano pa itong kaperpekto. Hindi ito—hindi na ito kailanman mabubuhay hanggang sa sumibol ang binhi't tumubo na may panibagong buhay kalakip dito.

<sup>56</sup> At maaari mong kunin ang isang tao...Ngayon, hindi ko po sinasadya ito para makapanakit ng damdamin, akin lamang...Ito'y iglesya, ito ang tabernakulo ko, at malaya ako rito gaya ng isang ibon. Kita n'yo? Ngayon gusto kong tandaan n'yo, na dito, na maaaring maging mabuti ang isang tao; maaaring nagbibigay siya ng kanyang ikapu; maaaring tapat siya; maaaring matulungin siya sa balo; maaaring matulungin siya sa ulila; maaaring isa siyang tapat na miyembro ng iglesya. Wala kang mahahanap na isa mang kapintasan sa taong 'yun. Sa tuwing may kailangang ilabas, doon mismo sa kanyang bulsa, kukunin ang huling barya na mayroon siya't ibibigay sa mahihirap. Siya'y—siya'y tatayo sa tabi mo sa hirap man at ginhawa. Magiging katoto mo siya sa panahon na marami ang mga naturingan—lang na iba na tatanggihan ka't lahat na ng gaya nun; at nasa labas pa rin ng Kaharian ng Diyos ang taong 'yun maliban na puspusin siya ng Espiritu Santo, ng Buhay na Walang Hanggan. Siyanga! Ganoon ito kahalaga.

<sup>57</sup> Yan ang dahilan kung bakit pinagsisikapan kong makita ito ng aking iglesya. At dalangin ko—dalangin ko na di n'yo isiping nagmamarunong lang ako patungkol dito. Sinisikap ko—sinisikap kong sabihin sa inyo na ang diyablo'y napaka mapanlinlang, na napaka mapanlinlang niya hanggang sa kaya niyang—kaya niyang paaktuhin ka na parang isang Cristiano. Gagawa siya ng isang bagay at gagayahin si Cristo hanggang sa halos mga Hiram na mismo. Sinabi ng Biblia na magiging magkaparehong—magkapareho na sila sa isa't isa. Magiging mabuti kang tao. Magkakaroon ka...

<sup>58</sup> Ngayon tingnan n'yo rito, hayaan n'yong magpakita ako sa inyo ng mga halimbawa para makatiyak tayo ngayon. Gusto natin itong panatilihin sa mga Kasulatan habang nasa pagtatalakay tayo ukol sa mga espiritung ito. Si Esau ay napakalayong mas mabuting tao sa bawat paraan man na nais n'yo itong silipin kaysa kay Jacob. Ngayon, si Esau (patawarin ako ng Diyos sa pangungusap na ito), isa lamang siyang mapagsalisi. Ganoon nga mismo. Ngayon, kung papansinin n'yo siya, ano siya? Isang sumbungero at isang malaking sinungaling. Ngayon, kung—kung mali ang sinasabi ko, patawarin ako ng Diyos, pero nagsinungaling talaga siya. At isang mandaraya, wala kailanman na isang katulad niya halos. Noong kumuha siya maging 'yung mga batik-batik na patpat at itinusok sa tubig para maging sanhi na 'yung mga buntis na baka't tupa roon ay manganak ng batik-batik na tupa at batik-batik na baka, para mapunta ang mga ito sa kanyang sarili—sariling mga kamay... Anong ginawa niya? Isinuot niya ang balabal ni Esau at isang

piraso ng balat ng tupa at lahat ng iba pa, at nagtungo roon, at nagpanggap na siya si Esau sa harapan ng kanyang bulag na tatay na isang propeta. Tama ba? Aba, may pagkamandaraya siya; siya ngang talaga. At si Esau ay isang. . . hindi ko dapat— marahil hindi ko dapat sinabi 'yun nang ganoon. Kita n'yo? Hindi ko sinasadyang sabihin 'yun nang ganoon. Aking—aking pong binabawi 'yun. Siya—siya po- . . . isa—isa siyang. . . hindi ko alam; alam n'yo kung ano siya. Kita n'yo? Isaisip n'yo na lang; Ako'y. . . Isa siyang—isa siyang dakilang tao ng Diyos, at ayaw kong magsalita ng anumang masama tungkol sa kanya (kita n'yo?), pero sinisikap ko lang tukuyin ang maliliit—maliliit na bagay na ginawa niya. Tingnan n'yo kung papaano siyang pasalising kumilos. Sinungaling? Tunay, siya'y talagang—siya'y talagang nuknukan. Pero ano 'yun na sinisikap niyang gawin?

<sup>59</sup> Tingnan n'yo si Esau. Isa siyang mabuting tao, matimtiman, mabuting miyembro ng simbahan sa panahong ito. Anong ginawa niya? Isa siyang mangangaso. Lumalabas siya. . . Siyempre nga, ganoon ang kanilang ikinabubuhay. Inaalagaan niya ang mga kawan para sa kanyang tatay. Bulag na ang tatay niya. Isang propeta, isang propeta ng Panginoon na bulag at dinaya ng sarili niyang anak, isang propeta, si Isaac; sa pamamagitan niya ay dumating si Cristo. Matatawag n'yo siyang propeta, sabi ng Biblia na siya nga. At bulag? Bakit hindi niya pinagaling ang sarili niya? At bakit hindi niya alam na 'yun ay si Esau—na 'yun si Jacob sa halip na si Esau? Kita n'yo? Hindi sinasabi ng Diyos sa Kanyang mga propeta ang lahat-lahat. Sinasabi Niya lang sa kanila kung anong ibig Niya na malaman nila. Kita n'yo?

<sup>60</sup> May pinaplano na noon pa ang Diyos, at kinailangan niyang paganahin ito. Ang Diyos. . . Kung isusuko mo ang iyong sarili sa Diyos, pakikilusin ka mismo ng Diyos sa Kanyang plano.

<sup>61</sup> Ngayon, pansinin n'yo ang ginawa niya, kung ano ang ginawa ng taong ito. Lumabas si Esau at sinikap na alagaan ang kanyang abang, matanda't, bulag na tatay; at si Jacob, tila ba, wala siyang pakialam kung anuman ang mangyari sa kanya. Pero may isang bagay na gusto ni Jacob, 'yun ay ang pagkapanganay. Kahit ano pa ang dumating, sa papaanong paraan niya ito makukuha, anumang antas ang kailangan niyang marating, siyanga't ang pagkapanganay ang tanging pinahahalagahan niya. At si Esau naman, ang sabi ng Biblia, niwalang-halaga niya ang kanyang pagkapanganay; sinabi 'yun ng Biblia. At ang sabi ng Biblia, “Maliban na may dumating na isang walang kabuluhang mapakiapid sa gitna ninyo, na gaya niyaong masamang taong si Esau na niwalang-halaga ang kanyang pagkapanganay at ipinagbili ito kapalit ng isang hain ng pagkain. . . .”

<sup>62</sup> Ngayon, ano ba ang pagkapanganay? Iyon ang karapatan. Yun ang sinisikap kong ipangusap sa inyo ngayon. Ang Espiritu

Santo ang inyong karapatan ng Pagkapanganay; 'yun ang karapatan n'yo sa Pagkapanganay. Bigay 'yun ng Diyos na karapatan sa inyo. Ngayon, sinasabi ng mga tao ngayon, "Magsisimba ako. Katulad ko lang rin naman 'yung katabi ko na mabait din. Pero ako, pakikilusin na gaya ng isa sa kanila na mga holy roller? Hindi ako." Buweno, ikaw na Esau! Kita n'yo? Pareho lang 'yun, sa pagwawalang-halaga sa pagkapanganay. Aba, ipinagpalit niya ito para sa isang hain ng pagkain. At ibinebenta n'yo ito nang mu-. . .Hindi ko sinasabing kayo, kundi ibinebenta ito ng mundo para sa malayong mas mababang halaga kaysa roon.

<sup>63</sup> Nagutom si Esau. Pero, kita n'yo, kung kabutihan ang bibilangin. . .Kung may taong. . .Kung magpupunta tayo roon at maglalagi sa may tolda nang ilang-ilang araw, malalaman natin na si Esau ay. . .Pinili na sana natin si Esau. Kita n'yo? Pero sa puso ni Jacob gusto niya ang pagkapanganay na 'yun. Wala na siyang pakialam sa kung anumang iba pang bagay; ninais niya ang pagkapanganay na 'yun. Yun ang tanging asam niya.

<sup>64</sup> At gusto naman ni Esau na maging isang mabuting tao, at pangalagaan ang lahat ng bagay, at gawin ang lahat nang tama, at gawin ang lahat na kasing. . .Isa siyang totoong mabuting legalista; si Esau. Gusto niya ang lahat na tama. At ninais ni Jacob ang isang bagay, at 'yun 'yung pagkapanganay, at 'yun ang tanging pinahahalagahan niya. At si Esau. . .Nakita n'yo na ang nangyari sa dalawang kabinataan na ito. Kita n'yo? At maging mula kay Jacob ay nagbuhat ang labindalawang patriyarka, buweno, ang labindalawang angkan ni Israel, mula kay Jacob. At tinawag niya—at tinawag ng Diyos si Jacob na Kanyang sariling anak. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin?

<sup>65</sup> Ang Espiritu Santong 'yun ay dapat na mas mahalaga sa inyo kaysa sa lahat ng iba pang bagay na mayroon sa sanlibutan, ang inyong katanyagan, ang inyong buhay, ang inyong trabaho, ang anumang bagay na mayroon. Hindi kayo dapat huminto hanggang sa matamo n'yo Ito. Dapat mong matanggap Ito. Ito dapat ang pinaka. . . At sasabihin n'yo, "Buweno, natatakot ako na kanilang—kanilang aanuhin ang trabaho ko. Natatakot ako na ang asawa ko, ang aking. . ." Huwag kang matakot; hayaan mong Iyon ang maging una. Hayaan mo ang iba pang mga bagay. Hayaan mong Iyon ang mauna. "Buweno, inaaasahan kong matanggap ko Ito isa sa mga araw na ito, Kapatid na Branham." Hindi isa sa mga araw na ito, ngayon dapat! Ito na ang oras. "Ito ang siyang dapat na una bago ako—bago ako gumawa ng anumang ibang bagay. Maibunsod nawa na Ito'y mapasaakin ngayon!" Desperado! Makakatulong 'yun para masagot ang ating tanong. Ikaw mis-. . .kapag naging desperado ka na para Rito, na kailangang makuha mo Ito o kung hindi'y mamamatay ka (kita n'yo?), doon mo mismo matatamo Ito.

<sup>66</sup> May munting Judio dati rito sa bayan. Hindi ko alam kung kilala n'yo siya o hindi. Pinagaling siya sa kanser. Binigyan nila siya—pinaalis nila siya. At noong mabautismuhan siya sa Pangalan ni Jesus Cristo, doon nga'y talagang pinaalis na siya, pinalabas siya sa bakuran. At pagkatapos nagpunta siya't sumapi sa iglesyang Methodist. At nalaman nilang nabautismuhan siya sa Pangalan ni Jesus, pinalabas nila siya sa labas na zero ang temperatura, halos diyos pababa na temperatura, doon sa Ohio; naglagay siya ng isang higaan doon sa labas (Kapatid na Fleeman, naaalala mo siguro 'yun si Kapatid na Vance, hindi ba?)—pinalabas siya, doon sa labas, at may bomba ng tubig doon sa labas, at sabi raw, "May sapat na tubig para mabautismuhan kang muli sa Pangalan ni Jesus, sa palagay ko."

<sup>67</sup> Ganoon pa man, nagkuwento siya sa akin ng isang maikling kwento minsan. Ang sabi niya noong ang *ilang* mga tao na ito, ang kanyang maybahay—na kanilang tinutuluyan. . . At natipon na niya ang mga luma niyang kasangkapan sa isang lumang sirang trak at nagsimula nang lumabas sa bayan. At sabi raw ng asawa niya, "Alam mo ba kung ano? Dapat pala sana'y uminom ako ng tubig bago ako umalis sa lugar na 'yun." Sabi, "Nauuhaw ako."

Buweno, sabi niya, "Mahal, hayun ang isang hydrant."

Sabi, "Buweno, magpatuloy ka pa hanggang sa makarating ka sa isang mas magandang lugar." Kita n'yo?

At umusad pa siya nang kaunti, at sabi niya, "May isa pang hydrant."

Sabi, "Buweno, magpatuloy ka lang." Kita n'yo?

<sup>68</sup> Pero sabi, "Pagkatapos, pagkalabas niya sa lalawigan, wala nang bomba ng tubig." Sabi, "Siya nga'y nagpupunyagi na makainom ng—ng tubig." At sabi, "Pagkaraan ng ilang sandali, sa dako roon sa bukid ay may isang lumang bomba ng tubig, sa dako roon sa bukid, tumutugaygay padaan sa isang kawan ng mga baka; at takot siya sa mga baka." Pero sabi nito, "Sabi niya, 'Levi, kailangan ko talagang makainom!'" Kaya kanilang—kanyang inihinto 'yung sasakyan. At sabi, bago pa man daw niya maihinto ang sasakyan nang tuluyan, nakalabas na ito at nakatawid na sa bakod. Kailangang-kailangan ng asawa niyang makakuha ng tubig. At kapag naging realidad ang Diyos sa iyo, kapag nauhaw ka nang ganoon, siyanga't alinman sa Diyos o kung hindi'y mamamatay ka, na hindi mo matitiis, kung ganoon ay talagang may mangyayari. Ipangyayari nito—ibubunsod ka na magseryoso sa Diyos. Doon ka magaganap—ito magaganap.

<sup>69</sup> Ngayon, dinadaya ng masasamang espiritung ito ang mga tao. At ang mga espiritung 'yun, kadalasan ay napakarelihiyoso. Ngayon sasabihin n'yo, "Ang ibig mong sabihin, relihiyoso?"

Siyanga, po! Nagtuturo pa nga ng mga Kasulatan, ng Biblia. Tunay nga na nagtuturo sila.

<sup>70</sup> Ngayon pansinin n'yo! Pumunta si Jesus noon sa isang grupo ng kalalakihan na mga banal na saserdote; at tinutupad nila ang mga kautusan nang letra por letra; at sila'y talagang, napakarelihiyoso. At tinawag ni Jesus—tinawag sila ni Juan na, ang sabi, “Kayo na lahi ng mga ulupong (’yun po’y mga ahas), sinong nagbabala sa inyo upang makatakas sa poot na darating?” Noong makita sila ni Jesus, ang sabi Niya, “Kayo’y mula sa inyong amang diyablo.” Ang Diyos ang may sabi nun. Talagang relihiyosong-relihiyoso.

<sup>71</sup> Tandaan n'yo, mangyaring—kinukuha ng diyablo ang kanyang tao, pero hindi kailanman ang kanyang espiritu. Kinukuha ng Diyos ang Kanyang tao pero hindi kailanman ang Kanyang Espiritu. Kita n'yo? Dumarating ang Espiritu Santo sa inyong buhay at pinapaging banal ang inyong espiritu, nabubuhay sa pamamagitan n'yo, at binibigyan kayo ng kapangyarihan upang mabuhay. Pero kapag—kapag lumisan na ang inyong espiritu, mananatili ang inyong espiritu na kasama ng Diyos; pero ang Espiritu Santo na nasa inyo ay pumupunta sa iba pang tao, at sa ibang tao, at sa ibang . . .

<sup>72</sup> Ang Espiritu na nakay Elias noon ay pumunta kay Eliseo, na dobleng bahagi Nito; paglipas ng pitongdaang taon o paglipas ng walong daang taon ay pumunta kay Juan Bautista, na nagbunsod sa kanya na kumilos. . . Tingnan n'yo kung papaanong si Elias, tingnan n'yo kung paano si Elias noon: malaking matandang mabalahibong lalaki, tadtad ng balbas; balat ng tupa ang suot, mukhang mabalahibong uod, ang mukha niya’y ganoon ang itsura, humahakbang doon na may malaking piraso ng katad na nakabalot, ang kanyang mga pamigkis ay parang—nakapamigkis sa kanyang baywang, nang paganito. Kung inyong . . . Kung pupunta siya marahil sa bahay n'yo ay masasabi mo, “Ooo, naku! Tawagin n'yo kaagad ang pulis. Nakatayo ang ganoong lalaki sa harap ng pintuan ko.” Pero isa ’yung propeta ng Panginoon. Siyanga! At pagkatapos, noong namatay siya, napunta ang dobleng bahagi ng kanyang Espiritu kay Elias; at pagkatapos paglipas ng walong daang taon ay pumunta kay Juan Bautista at nagbunsod kay Juan para kumilos nang sadyang eksakto sa ikinilos nila noon, dahil Iyon ang espiritu ni Elias.

<sup>73</sup> Ngayon, kung ang Espiritu ni Elias na nakay Juan ay magbubunsod kay Juan na kumilos na tulad ni Elias, ang Espiritu ng Diyos sa inyo ay magbubunsod din sa inyo na kumilos na tulad ni Jesus. Ngayon, diyan n'yo makikita ang Espiritu Santo. Kita n'yo? Ganoon ang ginagawa ng Espiritu Santo. Ginagawa ka Nitong maamo, ginagawa kang mapagpakumbaba, ginagawa kang mapagpatawad.

<sup>74</sup> Mapapayagan mo kaya silang hablutin ang mga balbas sa mukha mo, kung mayroon ka nun, haltakin ang mga 'yun at duraan ang mukha mo, gayong mayroon kang kapangyarihan na tawagin ang isang—mga pulutong ng mga Anghel? Magagawa mo kaya 'yun dahil sa pag-ibig sa mga tao na dumudura sa mukha mo? Magagawa mo kaya 'yun? Kung may taong basta na lang lalapit sa iyo at magsasabi, “Hoy, ipokrito ka!” at sinampal ka sa kabila ng mukha, maipapanalangin mo kaya ang kanilang kapatawaran? Ngayon, 'yan nga'y pagtiwala—pagtitiyak kung nasa inyo ang Espiritu Santo o wala. Kita n'yo? Kapag may magsabi ng isang bagay na masama laban sa isang tao, kung minsan 'yun pa 'yung nag-aangkin na nasa kanya raw ang Espiritu Santo, “Maghihiganti ako sa kanya abutin man ito sa huli kong araw.” Kita n'yo? Ngayon doon n'yo masusuri kung mayroon kayong Espiritu Santo. Kita n'yo? “Mapapalad kayo kapag pinagsasabihan kayo ng tao ng sari-saring kasamaan na pawang kasinungalingan dahil sa Aking Pangalan.” Pero pumupunta kayo at naghihiganti sa kanila? Hindi! “Magalak kayo at magsayang lubos, sapagkat gayundin nila inusig ang mga propeta na nauna sa inyo.” Kita n'yo?

<sup>75</sup> Kapag may nagsabi ng masama tungkol sa inyo, magsabi kayo ng bagay na mabuti. Kung wala kayong masasabing mabuti tungkol sa kanila, kung ganoon huwag na kayong magsabi ng anuman. Hayaan n'yo na lang. Kita n'yo? At kapag nahimasmasan na kayo, ipanalangin n'yo sila.

<sup>76</sup> Kung may isang bagay sa buhay ko na nakatulong sa akin para maunawaan ang Espiritu Santo na dumating sa akin doon noong araw na 'yun, ay 'yun 'yun. Mainitin ang ulo ko, magagalitin, Irlandes kasi sa magkabilang panig. At palaging hindi ako makakain halos, palaging may pangas ang bibig ko kung saan may bumangas dun, sumusugod kung saan hindi ako dapat sumugod. Nabasag na ang ilan sa mga ngipin ko ngayon at pinunan 'yun dahil ako'y—ako'y nagsalita ukol sa bagay na di dapat ako nagsalita (kita n'yo?) at nagsalita ng mga bagay. . . . Palaging nasasangkot sa gulo. At sabi ko. . . . May nagsabi sa akin, 'yung guro ko sa eskuwelahan, sabi niya. . . . sabi ko, “Ginang, hindi ko—hindi ko—hindi ko mapigilan.” Kita n'yo, nasasangkot ako sa gulo palagi. At sabi ko, “Hindi ko mapigilan.” Ang kaawaawang Nanay Temple, yumao na siya sa Kaluwalhatian noong isang araw.

At sabi niya, “Buweno, tingnan mo Iho.” Iniuupo niya ako sa kanyang kandungan, at hinila ako sa kanyang mga bisig at nagsimulang umiyak. Unang pagkakataon 'yun na naranasan ko ang ganoong pag-ibig mula sa isang tao, isang matandang babae. Umiyak siya mismo sa harapan ko. Sabi niya, “Billy, may gagawin ako para sa iyo, Iho; bibigyan kita ng isang maliit na kapisang tali.” At sabi, “Kapag susungaban ka ng sinuman na mga kabataang lalaki. . . .”

77 Binansagan kasi akong “corn-cracker,” dahil taga-Kentucky ako, alam n’yo na, at—at. . . ako—ako nga’y talagang di kapita-pitagan manamit. At pinagtatawanan nila ang buhok ko, na nakalaylay nang halos kasing haba nito ngayon, at nakabagsak sa mukha ko. At talagang di kaya-aya ang dinanas ko, alam n’yo na. At—at binubugbog nila ako’t sinasampal ako. Anumang oras na uminit ang ulo ng sinuman, maglalakad lang sila, at basta na lang akong susunggaban, at sasampalin ako. At heto tuloy ako. Kita n’yo? At tuloy—kaya naman—at away na. At kapag kami’y—kami’y tabla, nakikipag-undayan pa nga ako ng patalim at lahat na.

78 At kumuha pa nga ako ng isang mahabang baril na Winchester at akmang ipuputok ito, ipuputok na sana dun sa apat o limang lalaki, dahil sa panggugulpi sa akin na halos di na ako makatayo. Napatay ko na marahil ang bawat isa sa kanila kung hindi dahil sa Diyos. Pupulutin ’yung mga bala sa lupa, ikakarga uli sa baril; maayos pa ring pumuputok. Kita n’yo? Marahil naging mamamatay-tao na ako ng limang tao, marahil, o ng limang kabataang lalaki.

79 Maglalabindalawang taong gulang lang ako noon, mainitin ang ulo! At sabi ng guro, “Kunin mo ang maliit na tali na ito, Billy, at sa tuwing magagalit ka, huminto ka lang at magtali ng siyam na buhol sa tali na ’yan.” Sabi, “Pagkatapos mong gawin ’yun, dalhin mo ’yang tali sa akin. Sigurado akong lilipas na ang init ng ulo mo.”

80 Sabi ko, “Gng. Whalen, sa tingin ko po’y napakabait n’yo.” Sabi ko, “Akin—akin pong susubukan.” Kita n’yo? (O Gng. Temple; ang nabanggit ko ay Gng. Whalen. Ang nabanggit ko ay Gng. . . si G. Whalen po’y isang guro noon dito.) Kaya ibinubulsa ko—ibinubulsa ko ’yung tali. At hindi pa man ako nakakalabas sa bakuran nang limang minuto ay haya’t may manunutok na agad sa akin. Buweno, kaya ang ginawa ko—akma na sana akong gaganti, alam n’yo. Kaya bumunot ako’t kinuha ang tali ko; at nagsimula na akong magtali ng isang buhol. Binitawan ko ’yung tali, at nakipagbuno ako. Kita n’yo? Talagang hindi ko kaya. Kita n’yo?

81 At ang sabi ko, “Hindi ako maaaring maging Cristiano kailanman.” Pero hayaan n’yong sabihin ko sa inyo, noong gabing ’yun sa dako roon sa Ohio Avenue noong pumasok sa akin ang Espiritu Santo, tinapos nun ang pagkamagagalitin ko. Tapos na. Sabi ko, “Hindi ko kayang gawin ’yun kailanman. Hindi ako maaaring maging isang Cristiano kailanman, dahil hinding-hindi ko ’yun kayang mapagtagumpayan,” Sabi ko, “isang bagay ’yun na likas na sa akin.” Sabi ko, “Naku, ang tatay ko’y mainitin ang ulo; at—at ang nanay ko, siya’y kalahating Indian, may sapat din na init sa ulo para higitan ang ngawngaw ng isang lagaring de makina.” Sabi ko, “Ako? Oh, ako. . . Naku, sinumang lulusob sa akin ay talagang makakatikim; ganoon lang.” Sabi ko, “Kung

kinakailangan kong umakyat sa isang hagdanan para banatan sila,” sabi ko, “Talagang gagawin at gagawin ko.” Kita n’yo?

<sup>82</sup> Pero ngayon, kakaladkarin n’yo man ako palabas dun at bubugbugin ako at . . . Kita n’yo? Bakit? Hindi na ako ito! Ano ba ang sinisikap kong iparating na punto rito? May bagay na nangyari. Ang dating kapangyarihan na ’yun, ang dating William Branham ay namatay na, at may Isa na pumasok. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] At ibinunsod ako Nito na maawa sa aking kaaway. Kapag may tao na gumagawa ng anumang mali sa akin, hindi ako nananalangin ng laban sa kanila, ipinapanalangin ko sila. At doon ibinigay ng Espiritu Santo ang pagsubok na ’yun noong isang gabi sa New England, bago ito nangyari rito. Noong ’yung—noong nagbigay Siya ng kapangyarihan, na ang sabi, “Sabihin mo lang kung anong gusto mong mangyari sa kanila.” Ganoon nga ang nangyari . . . At tumingin ako roon, at sinabi ko, “Pinapatawad ko kayo.” Ganoon mismo ang ibig Niya. Kita n’yo? Patawarin n’yo ang inyong mga kaaway. Kita n’yo? Ito ang mga espiritung nagpapaging masama sa inyo. Bantayan n’yo ang mga espritung ’yan.

<sup>83</sup> Heto’t may daraan. Naroon ang baliw na ito sa isang libingan. Kapag may dumaan, hahabulin niya at dadaigin sila, sabi ng Biblia. Walang sinuman—siya’y sobrang mapanganib hanggang sa wala nang nagtatangkang dumaan sa gawing ’yun. Pero may isang mas malakas na Kapagyarihan na dumaan isang araw. Sinapian ’yung baliw ng pagkamuhí, masamang hangad, diyablo, pulutong sila na palakad-lakad, malaking lalaki. Magpupunta ang mga tao roon, at gagamit ng isang hukbo, gagapusin siya ng tanikala; at nilalagot lang niya ’yung tanikala. At nasa kanya ang diyablo. Hayun siya. Di siya pangkaraniwan. Siya nga’y—siya nga’y talagang iidolohin sa Jeffersonville High School kung nagkataon. Pihado! Hayun siya, malaking-malaki . . . O para sa mga kabataang ito, alam n’yo na, “Oh, isa siyang tunay na lalaki.” Nakakita na ako ng lalaking tumitimbang ng dalawang daang libra na walang kahit isang onsa ng pagiging lalaki sa kanila. Hindi ’yun lalaki, ’yun ay kabangisan lang. Kita n’yo?

<sup>84</sup> Pero may isang napakaliit, na hukot ang balikat na lalaki na nagdaraan sa daan na ’yun isang araw, medyo nakayuko (ang sabi ng Biblia’y walang kagandahan na maiibigan natin sa Kanya, tatlumpung taong gulang at mistula nang limampu), naglalakad sa daan isang araw. At tumakbo itong baliw para salubungin Siya. Sabi, “Susunggaban ko lang ang maliit na lalaking ’yun at pipilipitin siya.” Pero, oh naku, noong makatagpo nito ang Isang ’yun, napatirapa ito sa Kanyang paanan. Silang mga diyablo na lubos siyang sinapian . . . Ngayon tingnan n’yo. Noong araw na ’yun . . . Lubos siyang sinapian ng diyablo . . .



85 Ngayon heto, nais kong patimuhin ito sa—para sa inyo. Siya’y—ang lalaking ’yun ay ganap na napasailalim ng diyablo, hanggang sa ginamit ng diyablo ang dila nung tao para magsalita. Ngayon, maaari kayong maging ganap na nakapasakop sa Diyos hanggang sa maaaring gamitin ng Diyos ang inyong dila para magsalita. Siyanga! Iyon ang inaangkin ko. Na anumang pangangaral na ipinangaral ko kailanman na may halaga, ay dahil ’yun na nakapasakop ako, isinantabi si William Branham, at nang sa gayon si Cristo ay makapasok at makapagsimulang mangusap. Kita n’yo? At maaari Siyang magsalita sa wika.

86 Ngayon pansinin n’yo. Lubos siyang sinapian ng masamang espiritu ng ’yun, at masyadong malapit ang espiritu na ’yun hanggang sa... Alam ng nga demonyong ’yun na dumating na ang oras nila, dahil nakatagpo nila ang pag-ibig. Kita n’yo? At sabi nila, “Susubukin natin siya.” At ang lahat... Ngayon, pansinin n’yo kung anong nangyari. Sabi niya, “Aba, alam namin kung sino ka. Bakit ka nasa ganyang maliit na katawang gaya n’yan, maliit na mukhang mahinang lalaki?” Sabi, “Bakit ka dumarating nang ganyan?” Sabi, “Alam namin kung sino ka. Ikaw ang banal ng Israel, at bakit ka...?” (Ngayon masdan! Kung hindi kayo naniniwala na may pagdurusa sa hinaharap para sa mga diyablo, pakinggan n’yo ang mga ’yun na ipinahahayag ito.) “Bakit ka dumating para pahirapan kami bago dumating ang oras?” Alam nilang may pagdurusa sa hinaharap. “Bakit ka dumating para pahirapan kami bago pa dumating ang oras?” Kita n’yo?

At sinabi ni Jesus, “Ano ang pangalan mo?” Alam Niya; gusto Niya lang ipahayag nila ito.

Sabi, “Kami si Pulutong, dahil marami kami.” Sabi niya, “Kung palalabasin mo kami sa taong ito...”

87 Tingnan n’yo, isang maliit lang na mahinang lalaking gaya ni Jesus ang nakatayo roon (kita n’yo?) at kaharap ang isang lalaki na kayang humagupit ng halos isang hukbo; ni hindi siya kayang pigilan ng mga tanikala. Kita n’yo, hindi kasi ito sa pisikal na lakas. Hindi ’yun ang batayan. Ang kapangyarihan ng Espiritu Santo na nasa buhay n’yo ang batayan. Kita n’yo?

88 Sabi niya, “Huwag Mo kaming pahirapan bago dumating ang oras; pero kung papalabasin mo kami... (Tingnan n’yo ang kalupitan nila, ang kasamaan.) Kung palalayasin mo kami, huwag mo kaming basta pabayaang lang sa mundo, dahil mahirap sabihin kung saan kami papasok sa ibang tao. Kung palalayasin mo kami... Haya’t gusto naming pumasok sa isang tao; gusto naming gumawa ng isang bagay; gusto naming gumawa ng higit pang kalupitan.” Ganoon ang diyablo. “Babalikan ko siya. Hmm!” Kita n’yo? Ganoon ang diyablo. “Gaganti ako sa kanya.” Kita n’yo? Tatandaan n’yo mismo, ang kapatid n’yo ang naroon

sa harap n'yo, pero nakapasok lang sa kanya ang diyablo. Kita n'yo? "Gumawa tayo ng isang bagay na kalupitan. Maaari nating pahirapan ang mga Gadarenong ito dahil dito," marahil 'yun ang sinabi ng pinuno, o ng isa sa kanila. Sabi, "Pumunta tayo sa kawan na 'yun ng mga baboy."

<sup>89</sup> Sabi ni Jesus, "Lumayas kayo. Pero lumabas kayo sa kanya!" Oh, grabe! Maliit lang na lalaki na nakikipag-usap sa isang malaking pulutong ng mga diyablo. "Lumabas kayo sa kanya! Makalalayas na kayo." At pumasok sila sa mga baboy na naroon, at hindi napakali ang mga baboy, nagbunsod 'yun sa mga baboy na magwala. At kumaripas ang mga baboy na 'yun papuntang ilog, at nalunod sa ilog, nilunod ang kanilang sarili sa ilog. Hindi ba't ganoon nga?

<sup>90</sup> Ngayon, noong ginawa nila . . . Mangyari nga na lumabas ang mga diyablo mula sa mga 'yun, dahil pinatay nito ang mga baboy. Binunsod lang ang mga baboy na magwala. Sinumpong ang mga 'yun ng pagkainit sa ulo gaya ninuman. Nakakita na ba kayo ng isang tao na sinumpong ng init ng ulo? Buweno, ganoon nga—ganoon nga ito. Ang mga diyablo ang sanhi. Ganoon ang nangyayari sa kanila. Kapag nakakita kayo ng isa sa kanila na sumisilakbo ang galit, masasabi mo, "Uh huh, alam ko na ngayon ang nangyari sa Gadara." Kita n'yo? Ganoon mismo. Ilan pa na papasok dun, matutuluyan na siyang mabaliw; dahil sasabihin sa inyo ng doktor ng medisina na ang init ng ulo'y unang yugto ng pagkabaliw. Iyon ang sinasabi ng Mayo, ang unang yugto ng pagkabaliw.

<sup>91</sup> Kapatid na Pat, maaaring naging tahasan 'yun. Iyon na ang pinakaabot ng nalalaman ko, sadyang di inaasahan. Sige.

## **102. Mga Taga-Roma sa ika-7 kabanata, sa ika-25 talata.**

<sup>92</sup> Kailangan kong . . . Nakalimutan ko lang, tiningnan ko na 'yun noong isang araw noong natanggap ko ito, pero nakalimutan ko lang kung ano ito. Sagutin natin ang tanong ng minamahal na taong ito kung masasagot natin. Mga Taga-Roma 7:22, sige, o :25, paumanhin. Mga Taga-Roma 7 . . . Nabuksan ko kasi ang dalawang pahina nang minsanan. Kaya po . . .

*Nagpapasalamat ako sa Dios sa pamamagitan ni Jesus Cristo na Panginoon natin. Kaya ang—kaya nga sa pagiisip—sa—sa aking pagiisip ay tunay kong ipinaglilingkod ang kautusan ng Dios; datapuwa't ang laman ay sa kautusan ng kasalanan.*

Ngayon, sandali lang po. Hindi ko 'yun nabasa nang tama.

*Nagpapasalamat ako sa Dios sa pamamagitan ni Jesus Cristo na Panginoon natin. Kaya nga sa aking pagiisip . . . (Oo, tama.) . . . tunay kong ipinaglilingkod ang kautusan ng Dios; datapuwa't ang laman ay sa kautusan ng kasalanan.*

93 Buweno. Ganoon mismo ang sinabi ni Pablo nang maraming beses. Sa tuwing ibig kong gumawa ng mabuti, ang kasamaan ay naroon. Kita n'yo? Ganoon din mismo ang ginagawa n'yo. Sa *pamamagitan ng inyong pag-iisip*, 'yun po'y ang puso n'yo. Kita n'yo? Ngayon tandaan, hindi kayo nag-iisip sa pamamagitan ng pag-iisip n'yo; hindi rin kayo nakakakita sa pamamagitan ng inyong mga mata. Hindi rin kayo. . . Kayo—kayo'y nakakakita sa pamamagitan ng inyong puso. Alam n'yo ba 'yun? Alam n'yo ba na ang inyong puso'y may ibang tao sa loob nito maliban sa sarili n'yo? Katutuklas lamang nun ng siyensya nang mga apat na taon na ang nakalipas, alam n'yo. Maliit na kompartamento sa puso, sinasabi nilang pinananahanan ng kaluluwa.

94 Narinig n'yo na ba ang pangalawahing kamalayan? Mag-uumpisa kang gumawa ng anumang bagay, at iisipin mo, "Oh, paikot-ikot na lang ako sa ibabaw nito," pero iba ang sinasabi sa pangalawahin mong kamalayan.

95 Maaari silang kumuha ng isang aparato na nakabibisto ng kasinungalingan. . . Nakikita ko ang mabuti kong kaibigan, si Attorney Robinson, na nakaupo riyan sa likod. Hindi ko alam kung nakita na niya itong isinagawa o hindi pa, pero mangyari nga na akin na itong—nasubukan—itong nailagay sa akin minsan, ukol sa Anghel ng Panginoon na ito rito. At naglalagay sila ng aparatong nakabibisto ng kasinungalingan sa iyo, at susubukan mo dun—na magsabi sa abot ng nalalaman mo, sa pinakamatapat na magagawa mo, nang sadyang napakainam at kalmado, na hindi mo ginawa ang *ganito-at-ganoong* bagay—isang kriminal. Kaagad na tutunog ang aparato na 'yun na nakabibisto ng kasinungalingan at sasabihin nagsisinungaling ka. Kita n'yo? Bakit? Dahil dun sa pamumulto ng inyong mga ugat na nakukuha ng aparato na 'yun na nakabibisto ng kasinungalingan. Kita n'yo? Sasabihin nito—nito sa inyo. Dahil bakit? Hindi nilikha ang tao noon sa kanyang orihinal na simula para magsinungaling. Ito'y ang kasalanan at ang diyablong nasa inyo ang nagbubunsod sa inyo na magsinungaling. Kita n'yo?

96 Kayo'y hindi—ginawa kayo para hindi magsinungaling. Yun ang dahilan kung bakit kailangan n'yong mabuhay muli, dahil ginawa kayo, nilikha para mabuhay magpakailanman, mabuhay sa tuwina. Pero kita n'yo, pumasok ang kasalanan at nagdulot ng kamatayan sa katawan. At pagkatapos, noong pumasok ang kasalanan at nagdulot ng kamatayan sa katawan, mangyari nga, na kinakailangan nang mamatay ang katawan. Pero ito, doon nga'y maaaring manahan ang Buhay na Walang Hanggan, kapag nabago ang espiritung ito sa inyo at mayroon na kayong Buhay na Walang Hanggan. Ibabangon mag-uli ng Diyos ang katawang 'yan sa huling araw. Sinabi Niya na gagawin Niya ito.

97 Kaya naman sa pamamagitan ng aking pag-iisip—ng pag-iisip. . . Sinabi Niya sa iba pang dako, "Sa tingin ko nasa akin ang pag-iisip ni Cristo." Ngayon, sa pag-iisip na 'yun ay

kayo'y naglilingkod—sa pamamagitan ng pag-iisip ni Cristo ay naglilingkod kayo sa Diyos. Kita n'yo, ang panloob na bahagi (kita n'yo?), ang panloob na bahagi, pinaglilingkuran n'yo ang Diyos. Ang pangalawahing kamalayan na 'yun, naroon ang pananampalataya.

<sup>98</sup> Gusto ko kayong tanungin. Marahil maraming beses nang nangyari sa inyo na mga narito, marami sa inyo ang nakakita na't naranasan na kung saan inyong—sadyang alam n'yo na may bagay na magaganap. Para bang imposible para mangyari 'yun, pero sadyang alam n'yo na mangyayari ito. Naranasan n'yo na ba 'yun? Yun 'yung pananampalataya, 'yun ang pangalawahing kamalayan na gumagawa.

Ngayon, kung medyo umiinit na rito, maaari n'yo nang patayin ang aparatong 'yan diyan sa ibaba, kung medyo umiinit na para sa inyo.

<sup>99</sup> Ngayon, doon nga'y ang pangalawahing kamalayan na 'yun (kita n'yo?), diyan kung saan ang inyong isipan. . . Ngayon sinabi ni Jesus, “Malibang ipanganak na muli ang isang tao. . .” (Ngayon, hindi po 'yun pala.) “Katotohanan, katotohanang, sinasabi Ko sa inyo, malibang ang isang tao'y ipanganak na muli ay hindi niya *makikita* ang Kaharian ng Diyos.” Ngayon, hindi n'yo makikita ang Kaharian ng Diyos, dahil ang Kaharian ng Diyos ay ang Espiritu Santo. “Ang ilan na nakatayo rito'y hindi makakatikim ng kamatayan hanggang sa makita nila ang Kaharian na dumarating sa kapangyarihan,” sabi Niya. Kung ganoon, “Ang Kaharian ng Diyos,” sabi ng Biblia, “ay nasa inyo.” Ito'y nasa inyo, ang Espiritu Santo, at hindi n'yo makikita 'yun gamit ang inyong mga mata. Kaya ang ibig sabihin ng *makita* ay “ang maunawaan.”

<sup>100</sup> Tumingin na ba kayo sa anumang bagay, na sa pagtingin n'yo mismo roon, nasasabi n'yo, “Buweno, sadyang di ko ito makita.” Kita n'yo? “Sadyang di ko ito makita.” Ang ibig mong sabihin ay hindi mo ito maunawaan. Kita n'yo, kita n'yo? Hindi mo ito maunawaan. *Ang makakita* ay “ang makaunawa.” Kaya gamit ang inyong mga mata'y tumitingin kayo sa anumang bagay. Pero gamit ang kung anong nasa loob n'yo, ay doon kayo nakauunawa, nakakakita kayo gamit 'yun. Kita n'yo? Sa pamamagitan ng mga mata ng Diyos kayo'y tumitingin.

<sup>101</sup> At ngayon, pigilan n'yo muna ang punto n'yo ngayon. Heto ang isang maganda kung handa na kayo para rito: Tumitingin ang Cristiano sa mga bagay na di niya nakikita sa pamamagitan ng kanyang mga mata (kita n'yo?), dahil tumitingin tayo sa hindi nakikita. Kita n'yo? Paano n'yo tinitingnan ito? Sa pamamagitan ng mga mata n'yo sa loob. Nakikita n'yo ito sa pamamagitan ng pananampalataya. At ngayon, para patunayan 'yun: ang buong baluti ng Cristiano ay binubuo ng di-nakikitang mga katangian. Ano ang baluti ng Cristiano? May nagsasabi, “Maniniwala

kung makikita.” Hindi kailanman magiging isang Cristiano ang taong ’yun, dahil ang baluti ng Cristiano ay binubuo nito: pag-ibig. Nakita n’yo na ba ’yun? Nakita n’yo na ’yun na kumikilos, pero di n’yo pa kailanman nakita ang pag-ibig. Kung nakikita n’yo, ilabas n’yo ang bahagi n’yo ng pag-ibig at ipakita n’yo sa akin ang itsura nito. Kita n’yo? Pag-ibig, pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagtitiis, kabutihan, kaamuan, pananampalataya—pananampalataya, kahinahunan (kita n’yo?); ang buong baluti ng Cristiano ay hindi nakikita ng natural na mata, pero nauunawaan ito ng puso! Hayan nga. Hayan nga.

<sup>102</sup> Sabi ni Pablo pagkatapos, “Sa aking pag-iisip... (‘At nasa akin ang pag-iisip ni Cristo,’ nakita n’yo, sabi niya.) Pinaglilingkuran ko ang Diyos sa aking pag-iisip, subalit ang aking laman (paano niya ’yun sinabi dun sa huli?)—ngunit sa pamamagitan ng laman, ay sa kautusan ng kasalanan.” Ano ito? Sinasabi ng laman ko ngayong gabi, “Pagod na pagod ka na. Mahapding-mahapdi ang lalamunan mo. Ikaw nga’y—ika’y napunta roon sa mahangin ngayong araw na ito. Huwag ka nang magsisimba mamayang gabi.” Ganoon ang batas ng laman. “Mas mabuti pang tawagan mo na lang sila’t sabihin kay Kapatid na Neville na . . . Ipadala mo na lang ang mga katanungan at sabihin sa kanya na sagutin ang mga ito.” Pero nakita n’yo, nangako akong gagawin ito. Kita n’yo?

<sup>103</sup> Ngayon, ang isip ko, sabi ng Espiritu Santo sa loob, “Tuparin mo ang pangako mo.”

Pero sabi naman ng laman, “Pagod na pagod ka na.” Kita n’yo?

<sup>104</sup> Ngayon, sasabihin ng laman, “Ngayon, hindi naman kailangan, ikaw ay marikit na munting bagay, ikaw ang pinaka marikit na munting dilag sa eskuwelahan. Ngayon huwag mong pansinin ’yang holy roller na nanay mo o ’yang panatiko mong tatay. Kita mo? Ikaw ang pinaka magandang babae sa eskuwelahan.” “Ikaw ang pinaka magandang lalaki, ang pinaka guwapong lalaki, pinaka matikas. Ikaw ang pinaka sikat doon sa lungsod.” Kita n’yo? Ganoon—ganoon . . . At pinaubaya n’yo ang mga bahagi ng inyong katawan doon, at anong kahihinatnan n’yo? Malaking pagbagsak sa dulo sa tuwina. Kita n’yo?

<sup>105</sup> Sabi ni Pablo, “Gusto ng aking laman na—gusto sa tuwina na magpakasasa roon.” Gusto rin ng laman n’yo. Kita n’yo? Subalit dinadaig ng batas ng Espiritu ng Diyos sa puso ang laman at pinapasunod ang katawan kung ano ang sinasabi ng puso na gawin. Hallelujah!

<sup>106</sup> Tingnan n’yo, kaya kung nagbubunsod ’yun ng ganoon sa isang makasalanan, kung ganoon hindi ba’t gagana rin ’yun para sa karamdaman din? Ang batas ng Espiritu ng Diyos sa puso na nakakaalam na “Sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay gumaling na tayoy,” tumatayo sila sa kanilang kapangyarihan at

pinapasunod sa kanila 'yung karamdaman sa katawang 'yun, dahil isa itong diyablo. Hayan nga. Whew! May krema roon na ganoon kakapal. Sinasabi ko sa inyo. Ganoon nga. Kita n'yo?

<sup>107</sup> Ngayon, gumagana ang batas ng kasalanan at kamatayan sa inyong laman, pero ang batas ng Espiritu ng Buhay ay gumagana sa inyong puso. Kaya ang puso n'yo, pasusunurin ng espiritu n'yo sa inyong puso ang inyong katawan sa sinasabi nitong gawin. Ganoon nga mismo. Ngayon, 'yun ang sinabi ni Pablo. Ang laman sa tuwina, "Pagod na pagod ako; hindi ko kaya; hindi ako sapat; hindi ko ito kayang gawin."

Sinabi ko kay—kay Loyce o—o kay Delores, o sa kung sino na nakikipagtalakayan sa akin tungkol sa Espiritu Santo, tungkol sa isang bagay o ibang tulad nun, ang sabi ko—sabi, "Ano . . ."

Sabi ni Delores, "Anong—ano kayang nagdulot sa akin na makaramdam nang ganoon sa oras na dapat sana'y mabuti ang pakiramdam ko?"

<sup>108</sup> Sabi ko, "Ang diyablo. Nakita ka niyang handa nang tanggapin ito. Sabi nito, 'Maglalagay ako ng kaunting pampahina ng loob sa kanya: Phew! Papaypayan siya nang kaunti, alam n'yo, na para bang pinalalamig nang kaunti.' Kita n'yo? Pero oh, naku, doon ka nga babangon! Angkinin mo ang mga karapatan mo na bigay ng Diyos." Ganoon ang ibig sabihin ni Pablo. Kita n'yo? Ang . . . "Sa tuwina kung," sabi niya, "kapag ibig kong gumawa ng mabuti, ang kasamaan ay malapit."

<sup>109</sup> Sasabihin ko sa inyo kung anong gagawin. Napansin ko ito, ang maybahay ko't ako . . . At babalikan ko na lang nang madalian, dahil mayroon na lamang akong ilang minuto, at mayroon pa akong malalaking mga katanungan dito. Ayaw ko kayong patagalin masyado, pero gusto kong masagot ang mga tanong n'yo sa abot ng makakaya ko.

<sup>110</sup> Pansinin! Ipaghalimbawa na lang na nakapagsisimula ako sa umaga, at sasabihing pupunta ako, pangungunahan ako ng Panginoon na pumunta sa isang lugar para sa isang pagtitipon, buweno, kapatid, matyagan n'yo na lang ang lahat ng bagay na mangyayari. O maaaring nakauwi ako sa aking tahanan, at may darating na isang tawag buhat sa malayo. Ngayon, kailangan ko nang manalangin para sa taong 'yun na maysakit. Sasampa ang munting si Joseph sa ibabaw mismo ng leeg ko. Bigla ring magtatanong sa akin si Sarah. Bigla ring magpipiyano si Becky. Sasabihin ko, "Sh, sh, sh!" Ipatatong ang kamay ko, "Uy, sh, sh, sh, ako'y—si Daddy ay mananalangin para sa maysakit."

"Buweno, Daddy, tingnan mo; ginawa ni Joe ang ganito . . ." Nakita n'yo? Basta na lang 'yun mag-uumpisa. Tapos sa sandaling matapos na ang panalangin, kinukuha na ng mga bata ang mga laruan nila't ang babait na at naglalaro. Ang diyablo 'yun. Tunay nga.

<sup>111</sup> At pagkatapos lalapit ako at sasabihin, “Joseph, hindi mo dapat gawin ang *ganitong* bagay.” At alam n’yo, malalaman mo na lang, nakaugalian na niya. At makikita n’yo sa mga anak n’yo, magsisinungaling sila sa inyo. Buweno, isang sinungaling na espiritu ’yun sa batang ’yun. May iisa lang na lunas para rito. Hindi ko ideya ang tubo ng baril, alam n’yo na, ’yung baketa na dating pinapalo sa atin, Kapatid na Jess. Kapag kami ay—ay—ay napapasok sa gulo kinukuha namin dati ’yung baketa mula sa mga lumang baril, ’yung baston na hickory, alam n’yo, sinaunang baril na kinakargahan ng bala sa nguso nito. Hindi ’yun ang ideya. Kundi panalangin, palayasin n’yo ang masamang diyablo mula sa batang ’yun. Siyanga. Ang panalangin ang makagagawa nito.

<sup>112</sup> Kapag magsimula nang inilalagapak ni munting Martha ang kanyang paa, at nagdadabog, at itinitikwas ang munti niyang ilong, kahit paluin mo siya hanggang sa mabutas ang damit niyang suot; gagawin at gagawin pa rin niya. Pero mamalagi ka lang sa harapan ng Diyos at angkinin ang kaluluwa ng batang ’yun para sa Diyos. Manatili ka lamang doon mismo. Naniniwala akong ’yun ang pinaka mabuti na nalalaman ko. Siyanga, po! Yun ang pinaka mabisang lunas na alam ko, ang panalangin.

**103.** Ngayon, tingnan natin. Ang kasunod dito’y ang sabi, **Ano ba ang ibig sabihin ng predestinasyon bago ang pasimula ng sanlibutan; nasaan ito sa Biblia?** Predestinasyon bago ang pasimula ng sanlibutan.

<sup>113</sup> Buweno, mahal kong kaibigan, buksan natin sa unang kabanata ng Mga Taga-Efeso sa isang dako lang. Hindi tayo gaanong magtatagal sa isang ito sa palagay ko, maliban na hindi tama ang sagot. At simulan lamang natin ang pagbabasa rito sa unang kabanata ng Mga Taga-Efeso.

<sup>114</sup> Ngayon, ang unang bagay, gusto kong sabihin ito, na ang *predestinasyon* ay hindi magandang salita para—para gamitin ng isang ministro sa harap ng isang di nahasang kongregasyon. Kita n’yo? Ganoon nga. Hindi ko ito ginagamit. Kung minsan dito sa simbahan. . . Pero doon sa mga tagapakinig, doon sa malalaking. . . Kung saan ang—ang lahat ay sama-sama’t halo-halo, binabantayan ko ang salitang ’yun. Palagi kong ginagamit ang salitang *paunang-kaalaman*, dahil ang predestinasyon ay siyanga’t ang paunang-kaalaman ng Diyos. Ang Diyos sa pagiging walang katapusan, sa pamamagitan ng paunang-kaalaman ay alam na Niya ang lahat ng mga bagay, dahil kung hindi’y hindi Siya walang-hanggan. Kita n’yo, kita n’yo? Alam na Niya kung anong mangyayari. Kaya naman sa pamamagitan ng paunang-kaalaman ay kaya Niyang magtalaga. Yun ang dahilan kaya naniniwala akong ang Diyos—ang Diyos ay hindi lang basta. . .

115 Katulad na lang ng hangin na nilalanghap n'yo; hindi ako sumasang-ayon sa Jehovah Witness sa ideyang 'yun na ang hininga mo raw ay ang iyong espiritu. Hindi maaari. Kita n'yo? Ang espiritu n'yo ay nasa puso n'yo. Kita n'yo? At mayroon na kayong espiritu bago pa kayo—dumating kailanman sa mundo. Sinabi ng Diyos kay Jeremias na kilala na Niya siya, at binanal siya, at ginawa siyang propeta sa bansa—sa mga bansa bago pa man siya ipinaglihi sa sinapupunan ng kanyang ina (kita n'yo?), Jeremias 1:4.

116 Ngayon pansinin. Kaya heto't nakikita natin na ang lahat ng mga bagay na ito ay paunang-kaalaman. Pitongdaan at labindalawang taon bago ipanganak si Jesus—bago ipanganak si Juan, nakita na siya ni Isaias sa isang pangitain, at sinabing siya ang tinig ng isa na sumisigaw sa ilang—pitongdaan at labindalawang taon. Mula sa halamanan ng Eden, si Jesus Cristo, bago pa man maitatag ang sanlibutan . . .

117 Paanong . . .? Basahin natin ito. Mga Taga-Efeso 1, simulan lamang natin sa unang kabanata para—o sa unang talata.

*Si Pablo, na apostol . . .* (Ngayon tingnan n'yo kung paano ang pagpapakilala rito ni Pablo. Gusto ko ang paraang ito ni Pablo. Gusto ko si Pablo, hindi ba't kayo rin? Oh kahanga-hanga siyang lingkod ni Cristo. Ngayon masdan n'yo ito.)

*Si Pablo, na apostol ni Cristo Jesus sa pamamagitan ng kalooban ng Dios, sa mga banal na nangasa Efeso, at . . . sa mga tapat kay Cristo Jesus.*

118 Pansinin, hindi ito para sa mundo; hindi ito para sa tagalabas. Ito'y para sa Iglesia na nakay Jesus Cristo (oh, hindi ba't kalugud-lugod ito?), sa Iglesia ni Jesus Cristo. Yun nga'y . . . Papaano ka makapapasok kay Jesus Cristo ngayon? Sa pamamagitan ng isang Espiritu tayong lahat ay nabautismuhan sa isang Katawan. Ngayon—papaano . . . At—at ipinapangusap niya ito sa mga taong puspos ng Espiritu Santo (kita n'yo?), hindi sa mundo sa labas.

*Sumainyo nawa ang biyaya, at kapayapaang, mula sa Dios na ating Ama, at sa Panginoong Jesus Cristo.*

*Purihin nawa ang Dios na ating Ama—ang Dios at—ating Ama ng ating Panginoong Jesus Cristo, na siyang nagpala sa atin sa bawa't sangkalangitan—at pagpapalang ukol sa espiritu sa sangkalangitan kay Cristo!*

119 Oh, grabe! Hindi n'yo ba gugustuhing maupo sa ilan na mga 'yun? Buweno, gugustuhin talaga natin. Oo naman! Iisang Espiritu Santo. Sabi niya ngayon, habang sama-sama kayong nakaupo sa Makalangit na mga dako kay Cristo Jesus, pinagpala tayo ng Diyos ng *bawat* pagpapalang espirituwal, Kapatid na Rose. Naniniwala ako—na—na . . . hindi ko—hindi ko lang



maaalala ang pangalan mo noong isang araw. Sa paniwala ko'y nasa isa kang pila ng panalangin o kung ano. At pilit kong—pilit kong inaalala 'yun pagkatapos, at ako—pero ang pangalan mo ay Rose Austin, tama ba? Akin nang naala- . . . Dati kang pumupunta rito sa tabernakulo palagi. Yun nga. Buweno. Ngayon:

*Purihin nawa ang—ang Dios ng ating Ama . . . Jesus Cristo, na siyang nagpala sa atin ng bawa't pagpapalang ukol sa espiritu . . . bawa't esprit- . . . sa sangkalangitan . . .* (Tingnan natin kung nababasa ko 'yun—kung nababanggit ko 'yun nang tama.)

*Purihin nawa ang Dios at Ama ng ating Panginoong Jesus Cristo, na siyang nagpala sa atin ng bawa't pagpapalang ukol sa espiritu sa sangkalangitan kay Cristo* Jesus: (Sama-samang nagkakatipon ngayon sa makalangit na mga dako kay Cristo Jesus.)

*Ayon sa pagkapili niya . . .* (Ngayon pakinggan n'yo! Handa na ba kayo?) . . . *Ayon sa pagkapili niya sa atin sa kaniya bago . . .* (Naipangaral ko na sa inyo.) . . . *itinatag ang sanglibutan, . . .*

<sup>120</sup> Ngayon, kita n'yo, nagagawa niyang kausapin ang Iglesya. Hindi niya 'yun ipapangusap sa mga sanggol, bagkus nakikipag-usap siya sa isang Iglesya na nakay Cristo na. Ngayon, hindi siya maaaring pumunta rito sa basta kung anong iglesya lang at sasabihin, “Buweno ngayon, *ganito*.” Ito'y sa mga hinirang na Yaon na nakay Cristo.

<sup>121</sup> Ngayon, sasabihin n'yo, “Buweno, naniniwala akong nakay Cristo ako.” Kung ikaw nga, natanggap mo na ang Espiritu Santo, dahil 'yun ang tanging paraan para makapasok ka kay Cristo. Unang Mga Taga-Corinto 12:13 (kita n'yo?)—sa ika-12 kabanata ng Unang Mga Taga-Corinto. Sige. “Sapagkat sa pamamagitan ng isang Espiritu ay binautismuhan tayong lahat tungo sa isang Katawan (ang Katawan ni Cristo.)” Ngayon! Pagkatapos ay mauupo tayong magkakasama sa makalangit na mga dako na nagkakaisa (Hmm!), na kumikilos ang Espiritu Santo sa gitna natin, tinuturuan tayo, ipinapakita ang mga dakilang bagay sa atin, isinasakatuparan ang mga bagay. Oh, napakagandang dako!

<sup>122</sup> Sabi Niya, “Ngayon, kayong mga tinawag na ganoon, nais kong makipag-usap sa inyo, kayo, na mga pinili. Na pinili na tayo ng Diyos sa Kanya bago itatag ang sanlibutan.” Bulayin n'yo 'yun. Tinawag na tayo ng Diyos sa Kanya bago pa man itatag ang sanlibutan. Alam na ng Diyos bago pa maitatag ang sanlibutan na magsasalita ako ukol sa paksa ring ito ngayong gabi. Siya'y walang limitasyon. At bago pa nagkaroon ng sanlibutan . . . Oh! Whew! Narito, kamtin n'yo na ang Espiritu Santo ngayon. Ihahatid Ito ng Salita. Kita n'yo? Sa ganoon Ito dumarating:

“Habang sinasalita ni Pedro ang mga salitang ito ay bumaba sa kanila ang Espiritu Santo.” Kita n’yo, kita nyo?

<sup>123</sup> Bago pa nagkaroon ng mundo ay nasa kaisipan na kayo ng Diyos para ibigay sa inyo ang Espiritu Santo, dahil alam Niyang nanaisin n’yo Ito; at pinili Niya kayo Mismo dahil sa inasam n’yo. . . Pinili Niya kayo kay Cristo bago pa kayo o si Jesus, sinuman sa inyo, ay nasa lupa. At ipinadala Niya si Jesus para mamatay, para ihanda ang daan upang ipadala ang Espiritu Santo, para dalhin kayo sa Kanya Mismo. Hmm! Oh, sadya ngang. . . alam kong maaari akong. . . Ito ang iglesya, kaya alam kong nasa sarili kong tahanan ako ngayon, kita n’yo. Oh, napaka yaman nun sa akin. Ang isiping hindi ito ang kagustuhan ko; hindi ito ang mga hangarin ko; hindi ko ito kalooban; hindi ito ang pagpili ko; wala akong isa mang kinalaman dito. Pero bago pa man nagpasimula ang mundo, nakita na tayo ng Diyos at inilagay ang ating pangalan sa Aklat ng Buhay ng Cordero. Bago pa man nagkaroon ng mundo! Nakakamangha ang Diyos! Whew!

<sup>124</sup> Tumayo na ako roon kung saan naroon ’yung malaking teleskopyo. . . Makikita mo ang sandaan at dalawampung milyong taon ng pangkalawakang-liwanag. Noong tumingin ako at nakita ’yun (hindi ako nakasilip dun sa teleskopyo, pero nakita ko ’yung litrato nung dako na kinunan nila)—at walang pasubali na itinaas ko ang mga kamay ko roon, sa lugar na ’yun, at nakapagwika ako, “Kamangha-mangha Ka, kamangha-mangha Ka!” At bago pa uminog ang isa sa mga planetang ’yun (Hallelujah!), pinili na tayo ng Diyos kay Jesus Cristo. Ngayon, talagang kamangha-mangha Ka. Siyanga, po!

<sup>125</sup> Bago pa nagkaroon ng mundo, bago pa nagkaroon ng isang planeta, bago pa nagkaroon ng araw, bago nagkaroon ng buwan, bago nagkaroon ng liwanag, bago nagkaroon ng anupaman, noong ang Diyos pa lamang, ang Diyos at ang Kanyang kaisipan, pinili ka na ng walang hanggang kaisipan ng Diyos sa pamamagitan ng pagtatalaga, sa pamamagitan ng paunang-kaalaman, ang pagkaalam na mapupunta ka sa lupa, ang pagkakaalam na magkakaroon ng kasalanan.

<sup>126</sup> May nagsabi, “Kung ganoon, bakit—bakit nagkaroon ng kasalanan?” Kung hindi nagkaroon ng kasalanan, ang mga katangian Niya ay hindi sana naging isang Tagapagligtas. Kinailangang magkaroon ng isang makasalanan para Siya’y maging isang Tagapagligtas. Kinailangang magkaroon ng taong may sakit para Siya’y maging isang Tagapagpagaling. Amen! Hayan nga. Kinailangang maging ganoon. Ang Diyos ang siyang—siyang nakakita nito at nagtakda nito noong una pa. Ni wala ngang kinalaman dito ang diyablo. Oh, isa lamang siyang tuod sa gilid ng daan na dating ginagamit ng Diyos para magdala ng mga anak patungo sa Kanya, na umiiyak, “Abba, Ama.” Hindi nga nakakagulat na sa araw na ’yun na anupa’t ang mga

Anghel ay makaaawit! Kapag inaaawit na natin ang mga kuwento ng pagtutubos, iyuyuko ng mga Anghel ang kanilang mga ulo; hindi nila nalalaman kung ano ang sinasaysay natin. Tunay! Hindi kasi sila kailanman naligaw. Hindi nila alam kung ano ito. Hindi nila alam kung gaanong kasaya ang nadarama natin, na malaman na tayo na dating mga makasalanan at hiwalay sa Diyos, walang pag-asa, walang kahabagan, walang Diyos sa isang mundo ng kasamaan, naghihingalo, papunta na sa isang impyerno ng diyablo; at yumuko ang Diyos, at pinulot tayo, at tinubos tayo; at ngayon ay nasa mas mataas tayo sa mga Anghel. Ngayon mismo!

<sup>127</sup> Alin ito? Ang Anghel ay isang tagapaglingkod. Tayo’y mga anak na lalaki’t mga anak na babae. Alin ba ang pinaka pinagmamalalakitan, ang tagapaglingkod mo ba o ang anak mong lalaki o anak mong babae? Oh, grabe! Ang panalangin galing sa isang banal ay aabot ng makamilyong beses na mas mataas kaysa sa isang Anghel (siyanga, po!), dahil isa siyang anak. Oh, whew, siyanga, kapatid kong lalaki, kapatid kong babae.

<sup>128</sup> Hindi mo...Ang iglesya...hindi ako makapaniwala sa panig na ito ng—ng walang hanggan kung paano natin kailanman mapagtatanto kung ano kayo, ang posisyon n’yo, na pinaglagaan sa inyo ng Diyos, kayong mga taong pusposong-Espiritu. Mga anak kayo ng Diyos. Aba’t, ang Anghel ay isang tagapaglingkod lang. Kayo’y anak! Ang isang Anghel ay makapaghahatid lamang sa inyo ng isang mensahe, pero kinakailangan n’yong kumilos. Amen! Kayo ang aktor sa eksena. Kayo ang anak. Ang Anghel ang inyong tagapaglingkod, para ihatid sa inyo ang mensahe’t, magsasabi, “Heto, dinala ko sa iyo ang mensaheng ito para gawin mo ang *ganito-at-ganoon*. Nanggaling ito sa Ama. Hinahatid ko ito sa iyo.” Siyanga. Ganoon lang siya. Amen! Kayo’y mga anak na lalaki’t mga anak na babae ng Diyos. Itinalaga tayo! Ngayon, masdan n’yo pansumandali.

*Ayon sa—sa kaniya ngang pagkapili sa atin... (Ngayon, hindi tayo ang pumili...Paano ko Siya mapipili? Apatnaraang bilyon, milyon, bilyon, trilyong taon ang nakalipas, papaano ko Siyang mapipili? Pero pinili Niya ako. Amen! Oh, Kapatid na Wood, ganoon ito. Kita n’yo?) . . . pagpili niya sa atin sa kaniya bago itinatag ang sanglibutan, upang tayo’y maging mga banal. . . (Ngayon, huwag n’yong sikaping gawin ito sa ganang sarili n’yo, dahil hindi n’yo kaya.) . . .at mga walang dungis sa harapan niya sa pagibig:*

Oh, kapatid, masasagot nun ang isang tanong na nakita ko rito kani-kanina lang. Narito lang ’yun nakita ko—nakita ko lang. . . Oh, heto.

**Sinabi mo...Paano mamumuhay ang isang tao sa ibabaw...mamuhay ang isang tao nang napakalapit sa Diyos, siya'y magiging walang kasalanan kung ganoon?**

Pakinggan n'yo ito:

*...banal...buhat nang itinatag ang sanglibutan, upang tayo'y maging mga banal at mga walang dungis sa harapan niya sa pagibig:*

<sup>129</sup> Ibinunsod ito ng Kanyang pag-ibig. Ang Kanyang pag-ibig ang nagbayad para sa aking mga kasalanan. Inalis ito ng Kanyang Pag-ibig. Ang pag-ibig ang pinaka makapangyarihang puwersa na mayroon. Ipagpahalimbawa natin ang isang asawang lalaki na talagang nagmamahal sa kanyang asawa, kaya niyang mamatay para sa kanya nang kusa. At ang pag-ibig sa kapatid...

<sup>130</sup> May isang tao, isang lalaki, na dumadalo sa simbahang ito paminsan-minsan, galing pa sa lalawigan. Nakaupo sa bahay ng kapatid niyang lalaki noong isang araw. Sabi niya "Papaano kung may mangyari kay Kapatid na Bill?" Sabi niya, "Ikagagalak kong iharang ang aking dibdib para saluhin ang isang bala na para sa kanya." Kita n'yo? Mamamatay para sa iyo. Ganoon ang pag-ibig. Walang lalong dakilang pag-ibig kaysa sa kanila na mag-aalay ng kanyang buhay para sa kanyang—kanyang kapatid. Kita n'yo?

<sup>131</sup> Pag-ibig, pinili tayo sa pag-ibig bago pa itinatag ang sanlibutan. Ngayon masdan:

*Na tayo'y itinalaga niya... (Ngayon, hayan ang salitang itinalaga)... Na tayo'y itinalaga niya nang una pa sa pagkukupkop na tulad sa mga anak sa pamamagitan ni Jesus Cristo sa ganang kaniya, ayon sa—ayon sa minagaling ng kaniyang kalooban.*

<sup>132</sup> Mantakin mo 'yun, Kapatid na Mike? Hindi ba't kahanga-hanga 'yun? Inibig ka Niya. Inibig ka Niya bago pa man itinatag ang sanlibutan. Alam na Niya ang kalikasan mo; alam na Niya ang kahinaan mo; alam na Niya ang ugali mo. Alam Niya ang lahat ng tungkol sa iyo, kung magiging ano ka. At pagkatapos, noong tinunghayan Niya ang buong napakalawak na sansinukob, kung ano ito noon, sinabi Niya, "pinipili Kita." At noong gawin Niya 'yun, bago pa man nagkaroon ng isang katiting na—na liwanag, noon pa ay walang hanggan ka nang kasama ng Diyos. Noong tinanggap mo ang Espiritu Santo, walang hanggan ka na noon, dahil ikaw ay may—kasama mo ang Diyos, bahagi ka na ng Diyos. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Kayo'y kasing walang hanggan kung paanong ang Diyos ay gayon mismo, dahil kayo'y...

<sup>133</sup> Ako'y kasing Branham mismo kung paanong ang tatay ko'y isang Branham, dahil ako'y dugo ng isang Branham. Ako'y Branham kasama ng aking tatay, dahil ipinanganak ako ng

aking tatay. Ako'y Branham kasama niya. Isa kang Wood, dahil ang tatay mo ay Wood. Ikaw ay kasing Wood kung papaanong si Jim Wood ay gayon nga; Banks Wood ka lang. Amen! Oh, grabe! Isa kang Neville dahil ang tatay mo ay isang Neville. Ikaw ay kasing Neville kung paanong siya ay Neville. Luwalhati! Tayo'y kasing walang hanggan kung papaanong ang Diyos ay gayon, dahil bahagi tayo ng Diyos, mga anak na lalaki't babae ng Diyos, may taglay na Buhay na Walang Hanggan, at hindi kailanman maaaring mamatay. "Tbabangon Ko ito sa huling araw."

<sup>134</sup> Hindi na nakapagtatakanong noong naghahanda sila para pugutan ng ulo si Pablo roon. . . Kinailangan niyang lumakad sa rutang 'yun ng kamatayan. Isinulat niya ang huling liham na 'yun kay Timoteo, sabi, "Nakipaglaban ako ng mabuting pakikipaglaban; natapos ko na ang aking takbuhin; iningatan ko ang pananampalataya! Mula ngayon ay nakalaan na sa akin ang putong na ibibigay sa akin ng Tapat na Hukom sa araw na 'yun, hindi lamang sa akin, sa lahat ng naghahangad ng Kanyang pagpapakita."

Pagkatapos ang sabi ng kamatayan, "Susunduin na kita."

Sabi niya, "Nasaan ang iyong tibo?"

At sabi ng libingan, "Kukunin kita."

<sup>135</sup> Sabi, "Nasaan ang iyong pananagumpay?" Subalit mayroon siyang isang halimbawa. Tumingin siya roon sa Kalbaryo at nagsabi, "Subalit salamat sa Diyos na nagbibigay sa atin ng katagumpayan sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesus Cristo." Hayun nga. Hmm! Tiyak na pupukaw ito ng mga damdamin; tiyak nga.

<sup>136</sup> Ang buhay ay. . . Lumalaganap nga ang Salita. Ang buhay, inaabot ng salitang buhay ang Buhay, at sa loob ng isang tao ay tiyak na kailangang may sumigaw.

Alam n'yo, may isang nagsabi, "Billy, ano kaya ang nagdudulot sa mga tao na tumayo at itaas ang kanilang mga kamay o magsabi, 'Purihin ang Panginoon!' o 'Amen!'" Masdan n'yo kung ano ang sinasabi ng Biblia.

<sup>137</sup> Sabi ni Pablo, "Kung nagsasalita tayo sa di kilalang mga wika, papaanong ang mga di naturuan. . . Kapag siya'y pinagpala—kung siya'y mapagpapala, papaano siya nakapagsasabi ng, 'Amen?'" Kita n'yo? Dapat alam n'yo kung ano ang sinasabi n'yo. Mga di-kilalang wika, maliban na ito'y sa pamamagitan ng isang interpretasyon o kapahayagan. . . Kung magkagayon masasabi na niyang, "Amen!" kung mauunawaan na niya. Alam na niya kung ano ang sinasabi niya. Kita n'yo?

<sup>138</sup> Ngayon! Oh, naku! Tingnan n'yo roon noong araw na paparating na ang kalaban kay David. At binigyan niya silang lahat ng isang sisidlan ng alak at—at isang—isang mainam na piraso ng karne at tinapay. At—at noong paparating na ang

kalaban, hindi nila alam kung anong gagawin; nagtipon sila roon; at ang buong Israel ay nagtipon sa ilalim ng pagtutuli. (Ngayon, ito'y sa ilalim ng sinaunang pagtutuli ng mga Judio.) At itinaas nila ang kanilang mga kamay at nagsabi, "Diyos, Ikaw ang aming Diyos. Iningatan Mo kami. Dinala Mo si Moises na propeta, at inilabas Mo ang mga anak ni Israel mula sa Egipto. Dinala Mo sila sa disyerto. Noong naroon sila, walang natakot na—ang lahat ay natakot na salingin sila, walang lumapit sa Iyong mga tagapagmana. Takot ang ibang mga tao." Gayunman sila'y nasa minoritya, pero ang lahat ay di nagtangkang sumaling sa kanila. Dahil ang lahat ng sumaling sa kanila, ay binalingan. Sabi niya, "Oh, napakadakilang Diyos Ka nga. At ngayon, Panginoon, kung kami'y nagkasala . . . Narito ang aming mga asawa; narito ang maliliit naming anak; at nasa panganib kami sa oras na ito." Sabi, "Oh, ano ang maaari naming gawin? Paparating na ang kalaban." Sabi niya, "Ano ang maaari naming gawin?"

<sup>139</sup> At habang sila'y nananalangin ay bumaba ang Espiritu sa isa roon sa mga tagapakinig, at nagpropesiya siya, "GANITO ANG SABI NG PANGINOON, hindi kayo makikipaglaban; manatili kayo! (Amen!) Dumaan kayo sa *ganitong* daan at kaharapin n'yo sila roon." At nagdulot Siya ng kalituhan sa gitna nila, at pinatay nila ang isa't isa. Hmm! Hayan nga. Itinalagang maging mga pinili kay Cristo Jesus bago pa man itatag ang sanlibutan. Ngayon.

**104. Sinabi mo maaaring mamuhay ang isang tao nang napakalapit sa Diyos na hindi na siya magkakasala habang narito pa sa lupa. Kung ganoon ipaliwanag n'yo po ang Unang Juan 1:8 hanggang 10.**

<sup>140</sup> Tingnan natin ang Unang Juan 1:8 hanggang 10. Kung nagkaroon sana ako ng kaunti pang oras para matignan ang mga ito. . . Nakita ko na ito, pero hindi ko lang kinuha, mga kaibigan. Aking—akin pong sinusubukan na—na lumabas nang. . . Buweno, hahanapin ko ang Juan maya-maya. Ito'y—ito'y nasa kabilang panig ng Mga Hebreo, hayan nga. Sige. Unang Juan 1:8 hanggang 10—Unang Juan 1:8 hanggang 10.

*Kung sinasabi natin . . . tayo'y walang kasalanan, ay ating dinadaya ang ating sarili, at ang katotohanan ay wala sa atin.*

*Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, ay tapat at banal siya na patatawarin . . . ang ating mga kasalanan, at . . . lilinisin tayo sa lahat ng kalikuan.*

*Kung sinasabi nating tayo'y hindi nangagkasala, ay ating ginagawang sinungaling siya, at ang salita ay wala sa atin.*

<sup>141</sup> Buweno ngayon, sandali lang mahal kong kapatid. Magbukas naman tayo sa ika-3 kabanata rito at sa ika-9 na

talata. Nasa mismong parehong pahina kayo sa Biblia ko. Ikawalong talata ang simula:

*Ang gumagawa ng kasalanan ay sa diablo; sapagka't buhat pa nang pasimula ay nagkasala ang diablo. Sa bagay na ito'y nahayag ang Anak ng Dios, upang iwesak ang mga gawa ng diablo. (Gaya ng ipinapangusap ko, kita n'yo, ang Diyos na nagtatalaga, na nakikilala kayo.)*

*Ang sinomang ipinanganak ng Dios ay hindi nagkakasala; sapagka't ang kaniyang binhi ay nananahan sa kaniya: at siya'y hindi maaaring magkasala, sapagka't siya'y—siya'y—sapagka't siya ay ipinanganak ng Dios.*

<sup>142</sup> Yun po mismo ang sinasabi ng Biblia. Ngayon, kung pagmamasdan n'yo rito.

*Kung sinasabi nating . . . tayo'y hindi nangagkasala, ay ating ginagawang sinungaling siya, at ang salita ay wala sa atin.*

Ngayon, sabi ng ilang tao, “Buweno ngayon, heto ang isang talagang mabuting munting batang babae o mabuting munting batang lalaki. Hindi pa sila kailanman nagkasala sa simula’t sapul.” Ipinanganak kayo sa kasalanan, inanyuan sa kasamaan, dumating sa mundo na nagsasalita ng mga kasinungalingan. Noong ipinanganak ka sa mundong ito, isa kang sinungaling, isa kang magnanakaw, lahat-lahat ay ganoon ka, sadyang lahat na mismo ng kasalanan, hindi magnanakaw, dahil hindi ka pa nagnakaw. Pero ikaw ay—pero mayroon kang . . . Hindi ka isang sinungaling, dahil hindi ka pa nagsisinungaling. Pero nasa sa iyo na ang espiritu noong ipanganak ka, dahil ikaw ay sa sanlibutan. Yun ang dahilan kung bakit di kayo puwedeng magkaroon lang ng repormasyon, para mareporma; kinakailangan n'yong mamatay at maisilang. At hindi kayo maaaring magkaroon ng kapanganakan nang walang pagpapako sa krus. Hindi kayo maaaring magkaroon ng pagkabuhay na mag-uli; kailangan n'yong maipako sa krus sa mga bagay ng sanlibutan upang mabuhay na mag-uli kay Cristo.

<sup>143</sup> Kung aasa kayo sa inyong—inyong pang-unawa ng inyong intelektuwal at iba pa, hindi kayo kailanman maipapanganak ng Espiritu ng Diyos. Kinakailangan n'yong kalimutan, katulad ng ginawa ni Pablo, ang lahat ng nalalaman niya, at maging walang alam na anuman sa gitna n'yo maliban na ukol kay Cristo Jesus, at ipanganak muli, minsan pa. Oh, kung . . . Dito . . . kung maipauunawa ko lang ito sa inyo. Kita n'yo? Isang kapanganakan ang gumagawa ng isang bagong salin- . . . isang bagong nilalang. Ang mismong salitang Griyego rito, habang hinahanap ko ito sa Griyegong lexicon noong isang araw, ang ibig sabihin ng salitang *kapanganakan* ay “paglalang.” Noong sabihin nito, “Kayo ay isang—mga bagong nilalang kay Cristo

Jesus,” may salita roon, ang *nilalang* ay ang salitang *paglalang*. Kayo ay bagong *nilalang*, hindi sa sanlibutan, kundi kay Cristo Jesus. Kayo ay nabago na.

<sup>144</sup> Ngayon, noong nasa sanlibutan pa kayo at ang pinag-uusapan n’yo ay, oh, alam n’yo na, mga magagarang bagay, at magagandang damit o kung anupamang magagandang bagay. At, “Bah!” Isinasantabi ang relihiyon. Kita n’yo? “Oh, nagsisimba ako, oo naman. Ayaw ko namang mapunta sa impyerno, pero alam mo. . .” At hayan nga isang magandang kulay-kapeng mga mata sa babae, o medyo paalon-alon na buhok para sa lalaki, o ang lalaki nga’y sadyang, alam n’yo na, bagay na iba, bagay na pumupukaw sa iyong pansin, o sa iyong pagkamahalay, o pag-inom, o kung ano o iba pa roon. Ganyan ang pagka-makasanlibutan; kayo’y—kayo’y nasa sanlibutan pa. At ang sabi ng Biblia, “Kung iniibig ninyo ang sanlibutan o ang mga bagay ng sanlibutan, ang pag-ibig ng Diyos ay wala sa inyo.” Kaya para maalis ’yan sa inyo, kailangan n’yong mamatay, kailangang mamatay, maipako sa krus, at mailibing, at mabuhay na maguli’t bagong nilalang na kay Cristo Jesus.

<sup>145</sup> Ngayon, bago n’yo tinanggap ang Espiritu Santo, kayo’y sumasampalataya *tungo sa* Buhay na Walang Hanggan. Pero wala pa kayong Buhay na Walang Hanggan hanggang sa matanggap n’yo ang Espiritu Santo, dahil Ito’y ang Buhay na Walang Hanggan. Ang Espiritu Santo ay ang Diyos; Ito’y ang Buhay ng Diyos na nasa inyo. Kung ganoon ay mayroon na kayong Buhay na Walang Hanggan. Nauunawaan n’yo na ba ngayon? Kita n’yo? Tingnan n’yo! Kita n’yo? Nananampalataya kayo *tungo*.

<sup>146</sup> Sandali, narito ang isang mabuting bagay. Kayo na mga kababaihan pagpasensyahan n’yo ako kung para ba itong masyadong diretsahan (kita n’yo?) . . . para maiparating lang ang isang punto. Ang isang nanay: may buhay na, pero ganoon pa man, hindi pa naisilang ang sanggol na ’yun. Pero kung itinatrato mo ang sanggol na ’yun nang tama at susundin ang mga alituntunin ng kalikasan, normal na maisisilang ang sanggol na ’yun. Pero kung hindi mo iaaplika ang lahat sa alituntunin ng kalikasan, na pababayaan mo ang malakas na bugbog, o isang tama, o—o may bagay na mangyari, ito—ito—ito nga’y magdudulot ng pinsala rito (kita n’yo?); papatayin nito ang sanggol bago pa ito maipanganak.

<sup>147</sup> Buweno, ganoon ang problema. Nagmumula ang mga bugbog kay Satanas. Kinukuha ni Satanas ang mga suliging may lason ng impyerno at tinatangkang sugatan ang Iglesia na naghihirap sa panganganak ng isang sanggol. At bago pa man ito maisilang, papatayin nila ito. Pero kung susundin mo ang Biblia’t aalagaan ito nang—bibigyan ito ng pagkaing pang-sanggol, ang nanay ay pinapainom ng bitamina . . .Buweno, ito



ang pinakamabisang Bitamina na nalalaman ko, espirituwal na Bitamina. Kita n'yo? Pinalalaki ka nito.

<sup>148</sup> Ngayon, dapat na uminom ng espirituwal na Bitamina ang iglesya; at narito ang Bitamina, isang buong Aklat na puno ng mga ito. At dapat ay uminom kayo ng espirituwal na Bitamina, matuto, at 'yun ang nagbubunsod na madala ang sanggol sa isang kapanganakan. Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin?

<sup>149</sup> Ngayon, ang munting sanggol, kapag siya—siya—siya'y may buhay—siya—siya'y may buhay, dahil gumagalaw ang mga munting selyula at sumisipa pagkatapos nang mga tatlong buwan at—o apat. At pagkatapos, ang bata'y sumisipa at gumagalaw pero hindi pa siya naisisilang. Pero sa sandaling siya ay mailuwal na sa mundo, ang doktor, nanay, o isang tao, ay itataas siya at [Ipinapalampak ni Kapatid na Branham ang mga kamay niya—Pat.] pinapalo siya nang kaunti. “Whaah!” Hayun na siya (kita n'yo?), at saka na siya mag-uumpisang huminga. At sa mismong sandali na siya'y makalanghap ng hininga ng buhay, pagkatapos ay nagiging isa siyang buhay na kaluluwa.

<sup>150</sup> At hayan nga kung minsan...Handa na ba kayong tanggapin ang Espiritu Santo? Kayo'y nasa pagdaramdam ng panganganak; gusto n'yo nang maipanganak. Ilan dito ang nasa ganoong kalagayan na ngayon, nagnanais ng bautismo ng Espiritu Santo, talagang gusto n'yong malaman kung ano ito, gusto nang makapasok—makapasok dito? Sino ang may gusto ng bautismo ng Espiritu Santo? Itaas n'yo ang inyong mga kamay. Kita n'yo? Kayo'y nasa paghihirap na, kayo'y nagnanais—kayo'y nagnanais nang maipanganak. Ang kailangan n'yo ay ang marahang palo ng Ebanghelyo, isang marahang bagay na [Ipinapalampak ni Kapatid na Branham ang kanyang mga kamay—Pat.], at sisigaw kayo, “Luwalhati!” At kapag nangyari ito...Alam kong iniisip n'yong nababaliw na ako, pero tayo—tayo nga'y kamit natin ang pag-iisip ni Cristo na kabaliwan ang turing ng sanlibutan. May sumisigaw sa loob, pagkatapos dadaloy ang Espiritung 'yun sa inyo. Pagkatapos ay tuluy-tuloy na Itong dumadaloy.

<sup>151</sup> Kagaya nung sinabi ko sa isang tao, na para ba itong isang lumang baradong tubo. At magpapasok ka roon ng maliit na alambre, at hahawakan mo 'yung alambreg ito, “Zig, zig, zig.” At may napakalakas na daloy ng tubig na nagpupumilit na makapasok dito. “Zig, zig,” hindi mo ito makuha, pero alam mong may bagay roon. Nararamdaman mo ito; naroon 'yun sa dulong 'yun. Pagkatapos ilan pang sandali ay hahatakin mo ito nang napakalakas, at “Shoosh!” dadaloy na ang tubig sa tubo. Ganoon ito. Pagkatapos ay tuluy-tuloy nang dadaloy ang tubig. Ganoon ang Espiritu Santo. Binarahan ng kasalanan ang mga tubo. Kayo—kayo'y mananahimik at magsasabi, “Mahiyain kasi ako. Alam n'yo, talagang hindi ko kayang sabihin 'yun.

Natatakot akong isipin ng mga tao na isa akong holy-roller.” Kita n’yo? Yun nga’y . . .

<sup>152</sup> Ngayon kapag nararamdaman n’yo ang marahang hatak ng Espiritu . . . Ninanais n’yo Ito nang higit pa sa buhay—ninanais n’yo nang higit pa sa sarili n’yong buhay. Na higit na mahalaga ito sa inyo: “Kinakailangan ko Itong makuha o kung hindi’y mamamatay ako.” Malalaman mo na lang may nakapitan ka. Sasabihin mo, “Iyon na ito, Panginoon.” Hahatakin mo ’yung pasak. Whew! Heto na! Wala na! Oh, grabe! Malaya na! Ooh! Grabe, wala na akong pakialam kahit narito pa ang Pangulong Eisenhower. Sasabihin ko, “Luwalhatiin ang Diyos, ililigtas ka ng Kanyang Dugo.”

<sup>153</sup> Si Pedro at ang iba pa’y naroon sa likod na nagtatago noong Pentecostes, sinasabi, “Dali’t tumingin kayo sa pinto, tingnan mo kung mayroon man sa kanila na mga Judio ang paparating.”

“Wala. Wala akong nakikitang isa man sa kanila.”

“Sige, tumahimik lamang kayong maigi, mga kasama, sinasabi ko sa inyo, kung aakyat sila rito, talagang kakaladkarin nila tayo palabas. Magiging hanggang doon na lang ito. Kaya manatili kayong tahimik.”

<sup>154</sup> Naroon silang lahat, at biglang may dumating na ugong mula sa Langit na gaya ng humahagibis na malakas na hangin. Nagsimula nitong punuin ang buong bahay kung saan sila naroon. May nagsimulang mangyari. Nagsipaglabasan sila sa gusali; binuksan ang mga pintuan, pababa sa hagdanan dumako sila roon na pasuray-suray na parang isang grupo ng mga lasing sa ilalim ng impluwensya ng Espiritu, na sadyang naghihiyawan at nagpapatuloy mismo.

<sup>155</sup> Sabi ng mga tao, “Lasing ang mga ito. Pakinggan n’yo sila. Tingnan n’yo ang duwag na ’yun na nakasilip doon sa pinto, ’yung nagkanulo kay Jesus noong mapako Siya sa krus. Sabi, ‘Hindi ko nga Siya kilala.’ Sabi ng isang munting babae, ‘Pero nahahalata sa pananalita mo. Isa ka sa kanila.’” Sabi, “Nayamot siya’t, ang sabi, ‘Hindi ko Siya kilala.’”

<sup>156</sup> Pero noong nahila na ’yung pasak, noong nagsimula nang dumaloy ang Espiritu, sabi niya, “Kayong mga kalalakihan ng Judea, kayong naninirahan sa Jerusalem, maalaman sana ninyo ito at makinig kayo sa akin. (Amen!) Ako’y pinuno. Maalaman ninyo ito; hindi lasing ang mga ito. (Na ipinagtatanggal ang kanyang iglesya.) Ang mga ito’y hindi lasing na gaya ng inaakala n’yo, dahil ikatlong oras pa lamang ng araw, pero ito yaong ipinahayag sa pamamagitan ni propeta Joel: ‘Mangyayari na sa huling mga araw, sabi ng Diyos, na ibubuhos Ko ang Aking Espiritu sa lahat ng laman . . .’” Um-m-m, napakalaking pagkakaiba! Whew! Grabe, alam kong maaari n’yong isipin na ito’y isang teribleng bagay, pero kailangan kong—kong—kong ipakita sa inyo kung ano ang Katotohanan. Manatili kayo Rito.

157 Ngayon, tunay, mayroon kayong Buhay na Walang hanggan.

158 Ngayon, para ipaliwanag ito. Ganito, ang sabi... “Kung sinasabi nating hindi tayo nagkasala (‘Ang lahat ay nagkasala at hindi nakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos’) ginagawa nating sinungaling ang Diyos.” Sinabi Niyang nagkasala kayo. Kung sinasabi n’yong hindi kayo nagkasala... .

159 “Ako—ako’y naipanganak sa iglesyang Baptist, iglesyang Methodist, iglesyang Pentecostal, iglesyang Presbyterian; naipanganak ako...” Walang diperensya ’yun maski katiting, kinakailangan n’yong maipanganak palabas dito muli. Siyanga. Kung sinasabi nating hindi tayo nagkasala, ginagawa n’yo Siyang sinungaling. At ang Salita, na siyang ang Katotohanan... .Ilan ang nakakaalam na ang Salita ay ang Katotohanan? “Sa pasimula ay ang Salita... .at ang Salita ay nagsalaman, at ang Salita...” “Pabanalin Mo sila, Ama, sa Katotohanan. Ang Salita Mo ay ang Katotohanan.” At Siya ang Salita. Kita n’yo? “At ang Salita, o si Cristo, ay wala sa inyo.” Siya ang Salita. Ilan sa inyo ang nakakaalam nun? Kita n’yo? Buweno.

160 Basahin n’yo ito nang paganito kung ganoon: “Kung sinasabi ninyong hindi kayo nagkasala, ginagawa ninyo Siyang sinungaling, at si Cristo ay wala sa atin.” Kita n’yo, kita n’yo? Ngayon, hayan, kita n’yo, kapag sinasabi n’yong kayo’y nagkasala... .na hindi kayo nagkasala, mali kayo. Kinakailangan n’yong maipanganak na muli.

161 Ngayon, dadako tayo rito sa isa pang talata. “Siya... .Ang sinumang ipinanganak ng Diyos ay hindi nagkakasala, hindi nagkakasala, sapagkat...”

162 Ngayon ano ba ang kasalanan? Sino pong nagsabi nun, mayroon ba? Kawalan ng pananampalataya. Yun ang sabi ng Biblia. May isa lamang na kasalanan, at ’yun ay kawalan ng pananampalataya. Tama. “Ang hindi sumasampalataya ay hinatulan na.” Kita n’yo? Kaya tayo, may isang tunay lang na kasalanan.

163 Ngayon, kung sasabihin n’yo, “Buweno ngayon, sandali lang. Naniniwala naman akong maaaring tinanggap nga nila ang Espiritu Santo na gaya nun noong mga panahong ’yun, pero hindi ako naniniwalang ganoon ito ngayon.”

164 “Pero, kapatid, ang sabi ng Biblia, ‘Ang pangako ay para sa inyo at sa inyong mga anak.’”

“Alam ko, pero...” Nagkakasala ka. Nagkakasala ka na n’yan. Hindi ka naniniwala sa sinabi ng Diyos.

“Si Jesus Cristo ay siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.”

165 “Buweno, hindi, ang itinuro kasi sa amin...” Wala akong pakialam kung anong itinuro sa inyo. Ang sabi ng Biblia—sabi

Niya, “Ang salita ng bawat tao’y maging kasinungalingan at ang Akin ay totoo.” Buweno.

Sinasabi n’yo, “Buweno, Siya—una sa lahat Siya’y siya pa rin, pero hindi ako. . . Ang ibig mo bang sabihin Siya’y siya pa rin?”

“Oo, Siya na nasa Iglesia ay ginagawa ang siya pa ring mga bagay na ginawa Niya noong narito Siya.”

<sup>166</sup> “Oh, hindi ko mapapaniwalaan ’yun.” Nagkakasala ka. Nagkakasala ka. At ang ipinanganak ng Diyos, ukol sa Espiritu Santo, ay hindi nagsasalita ng ganoong mga bagay. At kung sinasabi niyang nasa kanya ang Espiritu Santo at sinasabi ang mga ganoong bagay, ’yun ang patunay na wala Ito sa kanya. Wala akong pakialam kung ano pa ang ginawa niya. Kung hindi siya naniniwala sa Makalangit na pagpapagaling, hindi naniniwala sa Kapangyarihan ng pagkabuhay na mag-uli, hindi naniniwala sa Espiritu Santo na ibinuhos sa atin nang eksaktong katulad noong ibinuhos Ito sa unang kapanahunan, na ang siya pa ring Diyos kahapon, ngayon, at magpakailanman, ang siya ring mga bagay na ginawa ng mga apostol ay nangyayari ngayon mismo, nagsasalita ng mga wika, at nagbubunyi, at lahat ng mga bagay na ito; kung hindi nila pinaniniwalaan ’yun, hindi siya naipanganak ng Diyos. Sapagkat ang sinumang ipinanganak ng Diyos ay hindi nakakagawa ng ganoong uri ng mga bagay. Ganoon mo masasabi kung sila ba’y ipinanganak talaga ng Diyos.

<sup>167</sup> Kung lalapitan mo ang isang tao at sasabihin, “Dr. Ph. *Ganito-at-ganoon-at-ganoon*, Reverend Dr. *Ganito-at-ganoon* (na ayos lang naman, sana mayroon din ako nito, ng mga digri), pero tama ba na ang Makalangit na pagpapagaling ay gawin sa iglesia gaya ng ginawa ng mga apostol noon?”

“Oh, hindi, hindi!” Nagkakasala siya. Isa siyang di-mananampalataya. Siyanga.

<sup>168</sup> Sinasabi n’yo, “Naniniwala ba kayong tinanggap natin ang Espiritu Santo na gaya ng pagkatanggap nila rito? Nababasa ko kasi rito sa Biblia sa Mga Gawa 2 kung saan sinabi Nito na sila’y . . . at noong ibinuhos ang Espiritu Santo, at nagpasuray-suray sila na parang mga lasing, at lumabas sila roon at nagsalita sa mga wika ng mga taong naroon, at mga ganoong bagay; kumilos na parang mga taong lasing, at inakala ng iglesia na mga lasing sila. Kapag tinanggap natin sa panahong ito ang Espiritu Santo sa iglesyang Baptist, sa ating Baptist, sa ating Methodist, sa ating Presbyterian, ano pa man ito, hindi—hindi ko naman nakikitang ganoon ang ginagawa natin.”

“Buweno, sinasabi ko sa iyo, anak, para lang kasi ’yun sa kanila na labindalawa.” Nagkakasala siya. Hindi siya naipanganak ng Espiritu ng Diyos, dahil ang sabi ng Biblia, “Ang ipinanganak ng Espiritu ng Diyos ay hindi nag-

aalinlangan. Isa siyang mananampalataya, at hindi siya maaaring. . .” Bakit? Bakit? Oh, heto nga. Nasa kanya ang Kalapati, na pinangungunahan siya. Dahil nasa kanya ang Espiritu ng Diyos, at hindi niya Ito maitatwa; hindi niya magagawa. Kung ito’y ang Espiritu ng Diyos, hindi itatangi ng Diyos ang Sarili Niyang Salita. Siyanga’t kung itatangi ko ang sarili kong salita, kung ganoon ay magiging sinungaling ako. At kung—kung sinasabi n’yong nasa inyo ang Espiritu ng Diyos at tinatangihan ang Salita ng Diyos, alinman sa sinungaling ang Diyos o kayo ang sinungaling, ’yung isa o ’yung isa lang ito. At sabi ng Biblia, “Ang salita ng bawat tao ay maging kasinungalingan at ang Akin ay maging ang Katotohanan.” At ang isang tao na naipanganak na ng Espiritu ng Diyos ay hindi maaaring hindi sumang-ayon sa Salita ng Diyos; kinakailangan niyang sabihin na Ito’y tama. Wala na siyang magagawang iba pa. Whew! Ito po’y—ito ang Katotohanan.

169 Pakinggan n’yo, hayaan n’yong basahin ko ito muli.

*Ang sinomang ipinanganak ng Dios ay hindi nagkakasala; sapagka’t ang binhi. . .*

170 Ano ang binhi ng Diyos? Ang pangakong mayroon si Abraham, ang binhi, sa binhi. Ano nga ba ang binhi? Si Cristo. Si Cristo ba ang Binhi ng Diyos? Kanino Siyang Binhi kung hindi? Buweno, buweno. Siya ang Binhi ng Diyos.

171 Ang Binhi ng Diyos ay nananatili sa kanya. Dumating ang Diyos upang manatili, hindi lang mula sa pagtitipon patungo sa susunod na pagtitipon, bagkus magpasawalang-hanggan. Ngayon, kung gusto n’yong isulat ang Kasulatan n’yo para rito, Mga Taga-Efeso 4:30: “Huwag ninyong pighatiin ang Espiritu Santo ng Diyos na sa pamamagitan Niya ay kayo’y tinatakan hanggang sa araw ng inyong pagkatubos.” Nananatili ang Binhi ng Diyos sa kanya, at hindi siya maaaring magkasala, dahil ipinanganak siya ng Diyos. Hindi niya maaaring hindi paniwalaan ang Salita ng Diyos.

172 Ngayon, kapag nakita n’yo ang isang tao na hindi sumasang-ayon sa Salita ng Diyos at nagsasabi, “Oh, para ’yan sa ibang panahon,” gayong ang pangako’y para sa sinumang magnais ay siya nga’y lumapit, alalahanin n’yo mismo, isa siyang di-mananampalataya at hindi siya sa Diyos.

Mabuti pa siguro’y huminto na tayo rito, hindi ba? Anong oras na? Oh, naku! Mayroon lang ako—ako—ako nga’y—ayaw ko nang balikan ito sa Linggo. Hayaan n’yong talakayin ko ang mga ito nang talagang, talagang, talagang paspanan na. Maaari ba? Napaka ganda lang po kasi nito. Hindi nga ba’t sa palagay n’yo ay kay ganda nito? Oh, ang Salita ng Diyos. Sige.

**Kapatid na Branham, ano ang dapat gawin ng isang tao. . .**  
Hayaan n’yong ihuli ko ito, kunin natin itong isa rito.

### 105. Ano ba ang magiging wangis natin sa pagkabuhay na mag-uli?

<sup>173</sup> Kung papaano mismo noong nahimlay tayo. Ganoon mismo, pagkabuhay na mag-uli. . . Siyanga't—siyanga't bulayin n'yo ito. Nahulog ang aklat na *ito* sa sahig, at kinuha ko naman ang aklat na *ito*, na ibang aklat, at pinalitan ito. Hindi ganoon ang pagkabuhay na mag-uli. Ang *pagkabuhay na mag-uli* ay “ibabangon yaong siya ring isa na nahimlay.” Nabuhay bang mag-uli si Jesus? Nakilala ba nila Siya? Nakatayo ba Siya kasama nila, na siya pa ring Jesus? “At itong si Jesus na iniakyat sa langit, ay darating na gaya rin ng inyong nakitang pag-alis Niya.” Ang pagkabuhay na mag-uli'y tulad ng kapag kayo ay namatay; ay sa ganoon kayo babangon. Mamamatay kayo bilang isang tao sa laman; babangon kayo bilang isang tao sa laman. Sadyang ganoon mismo. Kaya pareho rin ang pagkabuhay na mag-uli. Makagugugol tayo ng panibagong dalawang oras tungkol dito, pero mas mabuting huwag na tayong magpalawig pa.

**106. Ipalawanag ang Mga Hebreo 4 at 6** (Mabilis na lang, kukunin natin ito nang talagang mabilis.) **at ihambing ito sa Mga Hebreo 10:26—Mga Hebreo 6 at 4.** (Paumanhin, 6:4, at 10:26. Tingnan natin, at 10:26; sige, narito na ako mismo. Kita n'yo?)

*Sapagka't tungkol sa mga minsan nang naliwanagan at nakalasp. . . ng mga kaloob ng kalangitan, at mga nakabahagi ng Espiritu Santo,*

*At nakalasp na ng mabuting salita ng Dios, at ng mga kapangyarihan ng panahong darating,*

*At saka nahiwalay. . . para baguhin silang muli sa pagsisisi; yamang kanilang ipinapapakong muli sa ganang kanilang sarili ang Anak ng Dios, . . . at inilalagay na muli siya sa hayag na kahihiyang.*

<sup>174</sup> Tapos tuluy-tuloy pa 'yun at sinasaysay kung ano ito. . . Ngayon tingnan n'yo. Natalakay ko na ito noong isang gabi. Ilan ba ang narito noong ipinaliwanag ko ito? Sige, alam n'yo na kung ano ito kung ganoon. Kita n'yo, ito 'yung mga mananampalatayang alanganin.

<sup>175</sup> Ilan ang bumasa roon sa Deuteronomio 1 doon, kung saan nagtungo yung mga tiktik sa dakong 'yun at nalasp ang mga bagay na buhat sa Canaan, na ang Canaan ay hindi tipo ng Milenyum. Ilan ang nakakaalam nun? Naku't, bakit isang kamay lang? Junie. Ganoon nga. Ang Canaan ay hindi tipo ng Milenyum, dahil may mga digmaan pa sila, mga labanan, mga pagpatay, at lahat na ng iba pa sa Canaan. Tumitipo sa Santong—Ang Canaan ay isang tipo ng Espiritu Santo. Ang Egipto ay ang sanlibutan na nilabasan nila. Yung ilang ay dako kung saan sila pinaging banal, tinawag palabas na Iglesya. Yung Canaan ay dako kung

saan sila nanirahan kasama ng Espiritu Santo (kita n'yo, kita n'yo?), dahil mayroon pa rin silang mga digmaan. At kung hindi kayo naniniwalang mayroon pa kayong mga digmaan, kamtin n'yo lang ang Espiritu Santo minsan.

<sup>176</sup> Anong ginagawa n'yo? Anong ginagawa n'yo sa Canaan? Inaangkin nila ang kanilang mga karapatan. Maluwalhati! Inaangkin nila ang kanilang mga karapatan. At hindi nila maaaring maangkin ang kanilang mga karapatan hanggang sa makarating sila sa Canaan. Wala silang anumang pagmamay-ari sa ilang. Pagkatapos, noong pumasok na sila sa Canaan, mangyari nga na nagkaroon na sila ng mga karapatan. At may mga karapatan tayo. Kapag tinanggap n'yo ang Espiritu Santo, nasa Canaan na kayo. Kailangan n'yo itong ipaglaban; bawat pulgada ng lupa ay kailangan n'yong ipaglaban. Siyanga, po! Yun ang dahilan kung bakit sinasabi ng mga tao, "Kapatid na Branham, ipanalangin mo ako ngayon."

"Sige, makikita natin . . ."

Pupunta ka sa Canaan minsan, kapatid, at mapagtatanto mo kung saan ka nabibilang. Masdan n'yo ang panalangin n'yo na nagsisimulang maisakatuparan. Siyanga, po! Sasabihin mo, "Tumingin ka rito, Satanas. Akin ito! Ako ang may-ari nito! Sabi ng Diyos! Lumayas ka! (Siyanga, siyanga!) Lumayas ka sa lupain ko!" Kita n'yo?

"Lupain mo?" sabi ni Satanas.

"Mayroon akong abstract na titulo na pagmamay-ari ko ito. Lumayas ka! Kung hindi ka aalis, binabalaan kita sa pamamagitan ng gabay ng Espiritu Santo." Aalis siya. Tiyak, aalis at aalis siya.

<sup>177</sup> Ngayon, ngayon, sila na mga nakalasp na ng makalangit na kaloob . . . Ngayon, masdan n'yo rito.

*. . . Sapagka't kung ating sinasadya ang pagkakasala . . . (ika-10, ito po'y ika-26 ng ika-10 kabanata) . . . kung ating sinasadya ang pagkakasala pagkatapos . . . na ating matanggap ang pagkakilala sa katotohanan, ay wala nang haing natitira pa tungkol sa kasalanan,*

<sup>178</sup> Ngayon, ang isa sa mga 'yun ay yaong nalasp mo lang ito, at 'yung kasunod ay yaong tinanggap mo ito, at may kaalaman ka na rito. Kung magkagayon kung ikaw ay magkasala (ano?), di-pagsampalataya. Ngayon, masdan n'yo kung papaano ang basa sa dalawang ito. Kita n'yo? "Kung sinasadya mong di-manampalataya pagkatapos mo nang matanggap ang pagkaalam ng katotohanan . . ." Ngayon hayaang . . . Sandali lang, hayaan n'yo kung kuhanin ko ito rito.

*At saka tayo nahiwalay, ay di maaaring baguhin muli ang ating mga sarili . . .*

*...tungkol sa mga minsan na naliwanagan, at nakalaspang ng mabuting makalangit na mga kaloob, . . . (Nakalaspang na nito. Kita n'yo?) . . . at mga nakabahagi na . . . (Kita n'yo?) . . . ng Espiritu Santo,*

*At nakalaspang na sa mabuting salita ng Dios, at . . . mga kapangyarihan ng panahong darating,*

<sup>179</sup> At nagpatuloy pa siya rito at sinabi na kung naroon ka mismo na katulad ng mga dawag, kung papaanong madalas na bumabagsak ang ulan sa lupa; kung naroon kang tulad ng mga dawag, na bumaba ang Espiritu Santo, at oh grabe, nasisiyahan ka Rito gaya ng iba pa sa kanila; pero pagdating na sa pagsunod Rito, o sa paglabas, o paggawa para sa Panginoon, at gumawa ng anumang tungkol dito, hindi, hindi, hindi mo 'yun magawa-gawa. Kita n'yo? Kung ganoon ay ipinapakita lang nun na wala sa iyo ang Espiritu ng Diyos. Kita n'yo? Pagkatapos sa huli ay kakalaspang ka lang. "Ang kanyang kahihinatnan ay pagkasunog."

<sup>180</sup> Pero dito, kung hindi tayo mananampalataya . . . Ngayon, ano ba ang kasalanan? Ang di-pananampalataya. Kung ipinabatid na sa iyo ang bagay, at sinasadya mong talikuran ito at sasabihin, "Uh-uh, ayaw kong magkaroon ng kaugnayan diyan," matapos mo itong makita, hindi na ito tatawag muli sa puso mo. Tapos ka na; siyanga. Iyong—iyong napalampas na ang araw ng biyaya sa iyo. Kita n'yo?

*Sapagka't kung ating sinasadya ang hindi pagsampalataya . . . (Ngayon, dito sa Biblia ko'y may marka ito, 'yun 'yung—'yung "m," diyan sa—sa mababasa n'yong komentaryo sa gilid ng pahina, ang sabi ryan: kasalanan—sinasadyang di-pagsampalataya. Kita n'yo, kita n'yo?) . . . sinasadya pagkatapos . . . na ating matanggap ang pagkakilala sa katotohanan, ay wala nang haing natitira pa tungkol sa kasalanan, (Kung lumayo ka at tinalikuran ang Diyos nang kusa pagkatapos na ang lahat na ito'y pinatunayan na sa iyo, at inialok na ito sa iyo ng Diyos . . . Kita n'yo?)*

*Kundi isang kakilakilabot na paghihintay sa paghuhukom sa isang kabangisan ng apoy, na lalamon sa kaaway.*

*Ang magpawalang halaga sa kautusan ni Moises sa patotoo ng dalawa o tatlong saksi:*

*. . . gaano pa kayang hignip ng parusa, sa akala ninyo, ang . . . ihahatol gayong nauukol, doon sa yumurak sa Anak ng Dios, at umari sa . . . tipan, na nagpabanal sa kaniya, na isang di banal, at . . . umalipusta sa mga gawa ng biyaya? (Oh, grabe!)*

<sup>181</sup> Anong mangyayari? Isang mangangaral, isang ministro, ipagpahalimbawa na lang natin . . . Dahil isa akong mangangaral, sabihin na natin na ito'y isang mangangaral.



Pupunta siya rito, lalapit siya rito, at ipinapahayag si Cristo, nilinis ang kanyang buhay, sa punto na hindi na siya namumuhay na may mga pangangalunya at wala nang ganoong mga bagay, namumuhay ng isang mabuti't malinis na buhay, pupunta rito; na naging mabuti sa kanya ang biyaya ng Diyos, pagkatapos lumakad siya sa pagkaalam sa Espiritu Santo (kita n'yo?), lumakad, na pinatnubayan siya ng Diyos papunta mismo sa pagkaalam tungkol sa Espiritu Santo, at nakita niya Ito roon, pero sabi niya, "Ngayon, sandali. Hindi maninindigan para riyon ang iglesya ko. Uh-huh. Hindi ko magagawa 'yan. Palalayasin nila ako. Palalayasin nga—nga ako ng—ng konseho. Sa susunod na pagpupulong ng mga ministro, ititiwalag nila ako." Wala nang natitira pang hain para sa kasalanan, dahil tinanggap niya ang mismong Dugo na nagpabanal sa kanya't nagdala sa kanya nang ganito na kalayo, tungo sa kaalam patungkol sa Katotohanan, at itinuring Ito na parang isang hindi marapat na bagay at niyurakan Ito, matapos siyang akayin ng Diyos sa bawat hakbang papunta rito sa Espiritu Santo.

<sup>182</sup> Sasabihin n'yo, "Oh, ngayon sandali, Kapatid na Branham." Sandali lang! Gagawin 'yun ng espiritu ng anticristo. Napansin n'yo ba ang dalawang ulo nila? Sino ba si Judas Iscariote? Ang diyablo! Sinabi ng Biblia na siya ang anak ng kapahamakan. Ano ang kapahamakan? Impyerno. Siya ang anak ng impyerno, nagbuhat sa impyerno at babalik sa impyerno. At si Jesus Cristo ang Anak ng Diyos, na nagbuhat sa Diyos, bumalik sa Langit. Noong namatay silang pareho sa—sa mga krus...si Je-... Alam n'yo ba na namatay si Judas sa isang krus? Ilan ang nakakaalam nun? Namatay siya sa isang punongkahoy. Namatay rin si Jesus sa isang punongkahoy. Pinutol lang ito, siyanga. "Sumpain ang namamatay sa isang punongkahoy." At nagbuhat siya sa impyerno. At masdan n'yo kung ano... Hanggang sa makapuslit siya papasok sa iglesya... Ganoong kataas ang kaya niyang marating ngayon. Nakikita n'yo ba kung gaano siyang mapanlinlang? Ngayon, dumating si Judas. Ano siya? Isang ingat-yaman, isang kapatid, gumagawa sa simbahan, ang ingat-yaman sa simbahan, talagang napakalapit na, nanampalataya mismo sa Panginoong Jesus Cristo, at inaring-...



*MGA TANONG AT MGA SAGOT* TAG59-1223  
(Questions and Answers)

PAG-UUGALI, PAGSASAAYOS, AT DOKTRINA NG IGLESYA

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Miyerkules ng gabi, Disyembre 23, 1959, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2023 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)